

# PANGANGALAGA SA MGA NANGANGAILANGAN

TAUNANG ULAT PARA SA 2021

*ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*



# Mga Nilalaman


3 Isang Mensahe mula sa Unang Panguluhan

4 Ang Ating Pangako sa Tipan

5 Ang Batas ng Ayuno at ang Storehouse ng Panginoon

6 Buod ng mga Pagsisikap

8 Sa Isang Sulyap

**MAGLINGKOD SA MGA NANGANGAILANGAN**

10 Ministering

12 Pangangalaga sa Ating Kapwa

14 Mga Bata at Kabataan

**SABIK SA PAGGAWA**

16 JustServe

**TINAWAG NA MAGLINGKOD**

20 Mga Welfare at Self-Reliance Missionary

22 Mga Facilitator sa Kursong Self-Reliance

24 Mga Family Services Counselor at Facilitator

25 Deseret Industries

26 Mga Service at Proselytizing Missionary

28 Transitional Services

**PANDAIGDIGANG TULONG**

30 Seguridad at Nutrisyon sa Pagkain

32 Malinis na Tubig at Sanitasyon

34 Edukasyon

36 Pangangalaga sa Kalusugan at Kapansanan

**PAGTUGON SA EMERGENCY**

40 Pagtugon sa Emergency

43 Mga Blood Drive

44 Produksyon at Pamamahagi ng Pagkain

**SALAMAT**

**MGA REPERENSYA**


*Larawan sa Pabalat: Nagtutulungan ang mga kabataang miyembro ng Simbahan sa isang service project sa komunidad sa Cusco, Peru.*




*Itaas: Sa panahon ng kanyang ministeryo sa Latin America noong 2019, dumalo si Pangulong Russell M. Nelson sa isang pamamahagi ng wheelchair sa Argentina.*

## MAHAL NA MGA KAIBIGAN,

*Ang pangangalaga sa mga nangangailangan ay kapwa isang tungkulin at masayang pribilehiyo para sa mga alagad ni Jesucristo. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nangangako tayong ipamuhay ang dalawang dakilang utos: mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa (tingnan sa Mateo 22:37–39). Bilang isang Simbahan, pinagpala tayong magkaroon ng kakayahan, mga koneksyon sa iba't ibang bahagi ng mundo, at resources para sundin ang Kanyang payo.*

*Nasisiyahan kaming ibigay ang taunang ulat na ito tungkol sa iba't ibang aspekto ng ating gawaing magmalasakit sa mga anak ng Diyos. Nagpapasalamat kami sa di-makasarili at tapat na mga handog ng mga miyembro at kaibigan ng Simbahan na ginawa itong posible. Inaanyayahan namin ang lahat na makiisa sa pagiging "sabik sa paggawa ng mabuting bagay" habang patuloy nating pinalalakas ang isa't isa sa pamamagitan ng paglilingkod (Doktrina at mga Tipan 58:27).*

*Nawa'y patuloy na pagpalain ng Panginoon ang gawaing ito na mahalin ang ating kapwa.*

*Ang Unang Panguluhan*

Russell M. Nelson
Dallin H. Oaks
Henry B. Eyring



*"Sila na nahahandang tawag-ing mga tao ng Panginoon ay 'nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; . . . at aliwin yaong mga nangangai-langan ng aliw.'"*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw[1]

**BILANG MGA ALAGAD NI JESUCRISTO,** ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may pangako sa tipan na ipamuhay ang dalawang dakilang utos: mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa. Sinusunod natin ang panawagan ni Jesucristo na pakainin ang nagugutom, painumin ang nauuhaw, tanggapin ang estranghero, damitan ang hubad, at dalawin ang maysakit at nahihirapan.

Ang mga pagsisikap ng Simbahan at ng bawat tao na magmalasakit sa mga nangangailangan ay sentro na ng ating misyon sa simula pa lang. Noong 1842, inorganisa ang Relief Society na may tungkulin na magmalasakit sa mga maralita at tumulong sa kanilang mga pangangailangan. Noong 1936, nilikha ng Simbahan ang programang pangkapakanan para tumulong na pagmalasakitan ang mga miyembrong nangangailangan at patatagin ang kakayahan nilang umasa sa sarili. At noong 1985, pormal na pinasimulan ang pagkakawanggawa ng Simbahan sa buong mundo.

Hinahanap ng mga miyembro ng Simbahan ang mga nangangailangan at tumutulong sa lahat ng anak ng Diyos anuman ang kanilang relihiyon, lahi, o nasyonalidad. Pinagsama-sama ng Simbahan, mga miyembro nito, at mga kaibigan nito ang kanilang mga donasyon sa pagsisikap ng mga boluntaryo upang maibsan ang pagdurusa at magkaroon ng pag-asa sa sariling kakayahan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

**ANG DALAWANG DAKILANG UTOS** ay ipinapakita rin sa atin na mahal tayo ng Diyos at ng ating kapwa. Kapwa yaong mga nagbibigay at yaong mga tumatanggap ay pinagpapala habang pinalalakas nila ang isa't isa. Sa ilang pagkakataon sa ating buhay, maaari nating matagpuan ang ating sarili bilang mga tagapagbigay, at, sa ibang mga pagkakataon, bilang mga tumatanggap.

Bilang bahagi ng paraan ng Panginoon na tustusan ang Kanyang mga anak, may oportunidad ang mga miyembro ng Simbahan na mag-ayuno nang 24 na oras bawat buwan at bukas-palad na ibigay ang halaga ng mga pagkaing hindi nakain para sa kapakinabangan ng mga nangangailangan. Ginagamit ng mga lokal na lider ang pondong ito para matugunan ang mga pangangailangan sa pagkain, damit, pabahay, o iba pang mga pangangailangan sa loob ng kanilang mga kongregasyon at komunidad.

> *"Ito ay isang kautusang may napakagandang pangako para sa mga nangangailangan at para sa atin. Ito'y ang batas ng ayuno."*
>
> —PANGULONG HENRY B. EYRING
> Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan[2]



Bukod pa riyan, lahat ng resources na mgagamit ng Simbahan para tulungan ang mga nangangailangan ay tinatawag na storehouse ng Panginoon. Kabilang dito ang handog ng mga miyembro na oras, mga talento, pakikiramay, mga materyal, at pera. Sa mga lokal na komunidad, kadalasa'y maaaring tulungan ng mga lider ang mga indibiduwal at pamilya na makahanap ng mga solusyon sa kanilang mga pangangailangan sa pamamagitan ng paggamit sa kaalaman, kasanayan, at paglilingkod na handog ng mga miyembro, at maganda ang prosesong ito.

### PAGLILINGKOD SA ISANG KAIBIGANG NANGANGAILANGAN

Sa anumang panahon sa ating buhay, maaari nating matagpuan ang ating sarili na kapwa nag-aambag at nakikinabang mula sa storehouse ng Panginoon. Ibinahagi ng isang lokal na bishop sa Estados Unidos kung paano natulungan ng mga nakalaang kaparaanan at pagsisikap ng mga miyembro si Miriam,* isang babae sa kanilang kongregasyon, at kung paano napagpala ng pagpayag ni Miriam na humingi ng tulong ang mga taong naglingkod sa kanya. Napaka-pribado at nag-aalangan si Miriam na sabihin sa iba ang tungkol sa mahihirap na bahagi ng kanyang buhay, kaya nag-atubili siyang humingi ng tulong. Ngunit regular siyang kinamusta ng ministering couple na naka-assign sa kanya, at nang suriin nila ang lagay ni Miriam isang araw, nalaman nila na hindi siya nakaalis sa kanyang wheelchair sa loob ng dalawang araw. Kumilos ang mag-asawa at nakipagtulungan kay Miriam para magbigay ng suporta sa isang paraang komportable sa kanya.

Sa patnubay ng bishop at pakikipag-ugnayan sa ministering couple ni Miriam, pumayag si Miriam na tulungan siya ng isang maliit na grupo ng karagdagang mga miyembro. Ang mga miyembro at kaibigang ito ay naging bahagi na ng kanyang care team. Komportable siyang magsalita nang hayagan at tapat sa harap ng mga taong ito. Sa pamamagitan ng storehouse ng Panginoon at fast-offering assistance, nakatanggap ng pagkain, mga medical supply, at transportasyon si Miriam papunta at pabalik mula sa mga medical appointment. Ngunit bukod pa sa temporal na tulong, bahagi na ngayon si Miriam ng isang network ng mga mahahabaging kaibigan na nagmamalasakit sa isa't isa sa kanilang kasalukuyang mga hamon.

**Binago ang pangalan*

*"Naniniwala ako na para sa bawat disipulo ni Jesucristo, bahagi ito ng ating DNA, na humayo tayo at hanapin ang mga nangangailangan at sikaping tulungan sila, sa sarili man nating komunidad o sa malayo sa ibang mga bansa. Ito talaga ang sentro ng ating relihiyon."*

—BISHOP GÉRALD CAUSSÉ, PRESIDING BISHOP[3]

**3,909**

**MGA HUMANITARIAN PROJECT NOONG 2021**

**$906,000,000**

**ANG NAGASTOS**

**6,800,000**

**ORAS NA INILAAN SA PAGBOLUNTARYO**

**188**

**MGA BANSA AT TERITORYONG NAPAGLINGKURAN**



# $906 milyon

*ang ginugol para tulungan ang mga nangangailangan sa pamamagitan ng:*

- **FAST-OFFERING ASSISTANCE,** na nagbibigay ng pansamantalang tulong pinansyal sa mga nangangailangan.
- **ANG MGA ORDER NG MGA BISHOP PARA SA MGA PRODUKTO,** kabilang na ang pagbibigay ng pagkain at mga commodity mula sa mga bishops' storehouse at sa mga Deseret Industries store sa mga nangangailangan.
- **MGA HUMANITARIAN PROJECT,** kabilang na ang tulong pangkawang-gawa sa mga komunidad sa iba't ibang panig ng mundo.
- **MGA DONASYONG COMMODITY,** kabilang na ang mga produktong gawa ng Simbahan na ibinibigay sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga food bank at iba pang mga ahensya.
- **DONASYONG MGA DAMIT,** kabilang na ang may diskuwento o libreng damit na ibinibigay sa Deseret Industries.
- **MGA ORGANISASYONG PINATATAKBO NG SIMBAHAN,** kabilang na ang Family Services counseling, mga employment center, mga sakahan at pasilidad sa pagpoproseso ng pagkain, at Deseret Industries.

---

*Ang mga boluntaryo ay nag-ambag ng mahigit*

# 6.8 milyong oras

*ng paglilingkod sa pamamagitan ng:*

- **PAGLILINGKOD SA MGA PASILIDAD NG SIMBAHAN,** tulad ng mga sakahan, taniman, cannery, Deseret Industries store, at iba pa.
- **MGA MISYON NA MAGMALASAKIT SA MGA NANGANGAILANGAN,** kabilang na ang boluntaryong paglilingkod sa 85 bansa sa buong mundo.
- **MGA SERVICE PROJECT NA ITINATAGUYOD NG SIMBAHAN SA KOMUNIDAD,** kabilang na ang paglilinis pagkaraan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan.

*Bukod pa riyan, pinadali ng JustServe ang mahigit 41,000 volunteer project (kabilang na ang 21,500 bagong proyekto).*

# SA ISANG SULYAP 2021

## SABIK SA PAGGAWA

*JustServe*

**62,000**
Mga bagong lokal na boluntaryo sa komunidad na nagrehistro sa pamamagitan ng JustServe

**21,500**
Mga bagong volunteer project na nilikha

## TINAWAG NA MAGLINGKOD

*Mga Missionary at Member Volunteer*

**11,329**
Mga welfare at self-reliance missionary at pangmatagalang boluntaryo

**9,054**
Mga napaglingkuran ng mga kasamahan sa Deseret Industries

**2,800**
Mga miting sa Addiction Recovery Program kada linggo sa 30 bansa at 17 wika

**137,458**
Mga kalahok sa mga self-reliance group

## WORLDWIDE AID

*Mga Inisyatibo sa Pagkakawanggawa sa Buong Mundo*

**104**
Mga food security project sa buong mundo

**Mahigit 600,000**
Mga estudyanteng napaglingkuran

**1.74 na milyon**
Mga taong natulungan sa pamamagitan ng mga proyekto sa malinis na tubig at sanitasyon

**135**
Mga mobility project sa 57 bansa at teritoryo

## PAGTUGON SA EMERGENCY

*Tulong sa Kalamidad*

**199**
Mga emergency response project sa 61 bansa at teritoryo

**585**
Mga COVID-19 project sa 76 na bansa at teritoryo


**Mahigit 105,000**
Mga indibiduwal na donor sa mga blood drive na itinataguyod ng Simbahan

# Paglilingkod sa mga Nangangailangan

*"Kung minsan iniisip natin na kailangang dakila at magiting ang bagay na ating gagawin upang "matanggap" ito na paglilingkod sa ating kapwa. Gayunman, ang mga simpleng paglilingkod ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa iba—pati na rin sa ating sarili."*

PANGULONG JEAN B. BINGHAM, RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENT[4]





*Tumatanggap ng mga assignment ang mga miyembro ng Simbahan na maglingkod sa mga indibiduwal o pamilya sa kanilang kongregasyon. Ang ministering ay nagtutulot sa mga miyembro ng Simbahan na magsagawa ng mga simpleng paglilingkod at pagmamahal sa iba tulad ng ginawa ng Tagapagligtas noong Kanyang mortal na ministeryo.*

*Naiiba ang ministering sa bawat tao at lubhang personal. Hinihikayat ang mga miyembro na mapanalanging-humingi ng patnubay mula sa Espiritu para malaman kung paano tugunan ang mga pangangailangan ng mga pinaglilingkuran nila.*

*Umaasa tayo na kapag pinaglingkuran natin ang ating kapwa-tao, matutulungan natin "[ang] Diyos at Ama [nating lahat] sa Kanyang mabigat na [gawaing sagutin ang] mga panalangin, [m]agbigay ng alo, [patuyuin ang] mga luha, at [palakasin ang] mga [tuhod na] nanghihina." (Elder Jeffrey R. Holland, Korum ng Labindalawang Apostol).*[5]

# Paglilingkod

**NANG MAGMINISTERYO SI CRISTO SA LUPA,** ipinakita Niya ang halimbawa kung paano mahalin at paglingkuran ang iba. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sinisikap nating tularan ang Kanyang halimbawa sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga nasa paligid natin.

---

**NOONG 2021,** humigit-kumulang 200 miyembro ng Simbahan ang tumugon sa isang panawagang tumulong, nagpunta sa mga center sa Germany, Estados Unidos, at iba pang mga lugar para tumulong sa pagpoproseso ng mga 55,000 tao na nakatakas mula sa Afghanistan. Maraming boluntaryong nanatili sa mga center na ito nang mahigit 10 araw, ang iba ay nanatili nang hanggang 30 araw, at ang ilan ay mas matagal pa. Natugunan ng mga miyembro ng Simbahan ang mga agarang pangangailangan ng mga indibiduwal na naghahanap ng kanlungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain, damit, at iba pang mga suplay. Napansin ng ilan sa mga Relief Society sister na ginagamit ng maraming kababaihang Afghan ang mga kamiseta ng kanilang asawa para italukbong sa kanilang mga ulo sa halip na ang tradisyonal nilang mga talukbong sa ulo, na nawala o nasira dahil sa kaguluhan sa airport. Nagtipun-tipon ang mga Relief Society sister para manahi ng tradisyonal na kasuotan ng Muslim para sa kababaihang ito na nangangailangan.

---

**SI ANNE,** isang miyembro ng Simbahan sa Pilipinas, ay isinilang ang kanyang sanggol sa pamamagitan ng isang emergency Caesarean section sa isang lungsod kung saan wala siyang kakilala. Hindi niya alam noon na tinawag ng lokal na branch president ang mga Relief Society sister sa lugar para tumulong. Sinalubong sina Anne at ang kanyang pamilya ng mga taong hindi nila kilala, na nilabhan ang mga damit ng kanyang sanggol, dinalhan sila ng mga ekstrang damit, at nilutuan sila ng pagkain. Dahil tumugon ang mga miyembro na maglingkod sa kanyang pamilya, natugunan ang mga pangangailangan ni Anne, at mas nadama niya ang pagmamahal ng Diyos sa isang panahon ng paghihirap.

---

**BUKOD PA** sa pagsasagawa ng mga ministering assignment at pagtugon sa mga agarang pangangailangan ng iba sa loob ng kanilang sariling komunidad, nagsikap ang mga miyembro ng Simbahan na maging higit na katulad ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan. Ilang buwan matapos mamatay ang kapatid ni Carol sa edad na 39, binigyan siya ng kanyang katrabahong si Dee ng pagkaing sapat para kay Carol at sa kanyang mga kamag-anak. Natanto ni Dee na ang kailangan ni Carol ay mas maraming oras sa piling ng kanyang pamilya at bigyan siya ng pagkain para magkakasama silang masiyahan.



*“Kapag abala tayo sa paglilingkod sa iba, hindi natin gaanong naiisip ang ating sarili.”*

**—PANGULONG HENRY B. EYRING**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan[6]







***Kaliwa Ibaba:*** *Sa Ramstein Air Base sa Germany, inaayos ng mga boluntaryo ang mga donasyon para sa mga indibiduwal na tumatakas sa labanan sa Afghanistan.*



*Ang paglilingkod ay isang mahalagang bahagi ng ating mga paniniwala—kapwa bilang isang organisasyon at bilang mga tao. Tulad ni Jesucristo, sinisikap nating pagpalain ang buhay ng iba sa pamamagitan ng di-makasariling paglilingkod. Ang mga miyembro ng Simbahan ay naglilingkod sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng pagganap sa mga tungkulin sa loob ng kanilang mga lokal na kongregasyon, paglahok sa mga service project, at mapanalanging paghahanap ng mga pagkakataong maglingkod sa kanilang kapwa.*

*Tulad ng mabuting Samaritano, naniniwala tayo na ang kahulugan ng "kapwa" ay higit pa sa kapaligirang malapit sa atin. Layon nating tulungan ang sinumang nangangailangan—anuman ang kanilang lokasyon, lahi, nasyonalidad, kasarian, o paniniwala sa relihiyon at pulitika.*

# Pagmamalasakit sa Ating Kapwa

**"[ANG TAGAPAGLIGTAS AY] 'NAGLIBOT . . . NA GUMAGAWA NG MABUTI'** (Mga Gawa 10:38)," sabi ni Sister Curriden, isang boluntaryo sa welcome center para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa silangang Las Vegas. "Binasbasan Niya ang buhay [ng mga tao] sa temporal gayundin sa espirituwal. Para talagang iyan ang misyon natin—ang gawin ang Kanyang gawain at sundin ang Espiritu at mahalin ang mga tao sa Kanyang pangalan."[7]

---

**SI SISTER CURRIDEN AT ANG KANYANG ASAWA** ay naglilingkod sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagtulong sa mga bagong taong nandayuhan na makahanap ng access sa mga legal na serbisyo, pagbutihin ang pagsasalita nila ng Ingles, at sikaping maging mamamayan, upang makakuha sila ng mas magagandang trabaho at mapabuti ang kanilang buhay. Dalawa lamang sila sa libu-libong miyembro ng Simbahan sa buong mundo na nagboluntaryo ng kanilang oras, mga talento, lakas, at resources para maglingkod sa kanilang komunidad noong 2021.

---

**ANG MGA MIYEMBRO NG SIMBAHAN MULA SA AUSTRALIA HANGGANG SA WEST AFRICA** ay lumahok sa mga proyekto sa paglilinis at pagpapaganda ng komunidad—pagtatanim ng mga puno, paglilinis ng mga lokal na parke, at iba pa. Bilang bahagi ng isang proyektong tulad nito, nakilahok ang mga miyembro ng Simbahan sa West Africa sa 2021 All Africa Service Day initiative sa pagtatanim ng 15,000 punla ng puno sa Ghana.

---

**SA BOLIVIA,** nangalap ang mga Relief Society sister ng Los Andes Stake ng 34,000 plastic cap para suportahan ang inisyatibong Niño Feliz, na tumutulong sa mga batang may kanser na maliit ang kita na tumanggap ng chemotherapy treatment. At binisita ng mga miyembro ng Khovd branch sa Mongolia ang kanilang lokal na Violence Victims' Shelter para mamigay ng makakapal na kumot, mga suplay para sa bagong silang, at mga hygiene kit.



***Itaas: Nag-organisa ang mga miyembro ng Simbahan sa Ghana para magtanim ng 15,000 punla para sa 2021 All Africa Service Day.***



***Itaas:*** *Nakipagtulungan ang mga miyembro ng Simbahan sa Auckland, New Zealand, sa iba pang mga organisasyon ng komunidad para alisan ng damo ang mga halamanan at pagandahin ang kanilang komunidad.*

*"Ibiginmoangiyongkapwa na gaya ng iyong sarili."*

—MATEO 22:39

**ANG MGA MIYEMBRO NG ERIMA WARD SA FRENCH POLYNESIA** ay nakipagtulungan sa lungsod ng Arue na magpasimula ng isang training course para tulungan ang mga miyembro ng komunidad na matutong manahi. Dahil dito, nakagawa ng mga damit ang mga kalahok para sa kanilang sarili at ng mga kumot ng sanggol para sa mga bagong panganak na ina.

---

**SA COLOMBIA,** nagsama-sama ang mga miyembro ng Villa Colombia Stake sa Cali para tulungan ang isang lokal na komunidad na naapektuhan ng mga pag-ulan sa taglamig. Bukod pa sa paggawa at pamimigay ng mga kumot, nag-organisa sila ng isang service activity para maihatid ang mga iyon sa mga residente ng apektadong komunidad.

---

**SA KAPWA SOUTH KOREA AT CANADA,** nagsikap ang mga miyembro na maghatid ng mga bentilador, air conditioner, at iba pang mga kinakailangan sa matatanda. Ang mga suplay na ito ay nakagawa ng malaking kaibhan sa kaginhawahan at kaligtasan ng mahihinang senior, na karamihan ay naka-isolate dahil sa mga paghihigpit sa panahon ng COVID-19.

---

**SI ADRIANA,** ang communication director para sa Montreal Quebec Stake, ay ibinuod ang kahandaan ng mga miyembro na maglingkod sa pagsasabing, "Makagagawa tayo ng kaibhan sa buhay ng isang tao sa pagsunod sa halimbawa ng ating Panginoong Jesucristo at pagtulong—nang ligtas—sa mga nangangailangan, sapagkat alam na alam natin na 'sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay' (tingnan sa Alma 37:6)."[8]



Noong 2020, isang bagong programa sa pansariling pag-unlad para sa mga kabataan ang pinasimulan para tulungan ang mga kabataang lalaki at babae na mapaunlad ang kanilang sagradong personal na potensyal. Sa programang Mga Bata at Kabataan, hinihikayat ang mga kabataan na makisali sa paglilingkod at maging aktibo sa kanilang komunidad.

Ang mga bata at kabataan ay may mga pagkakataong magplano ng mga aktibidad sa paglilingkod at pumili ng mga mithiin at proyektong gusto nilang isagawa sa tulong ng mga adult leader at kapamilya. Layon ng mga aktibidad na ito na tulungan ang mga bata at kabataan sa Simbahan na lumago para maging higit na katulad ng Tagapagligtas at umunlad sa lipunan, sa espirituwal, sa pisikal, at sa intelektuwal.

*"[Ang ating mga kabataan at bata ay] may kakayahang maging mas matalas ang isip at mas matalino at magkaroon ng epekto sa mundo kaysa sa anumang naunang henerasyon!"*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw[9]

# Mga Bata at Kabataan

**NOONG NAKARAANG TAON,** aktibong naglingkod ang mga bata at kabataan ng Simbahan sa kanilang mga komunidad sa buong mundo. Nakilahok sa paglilingkod ang mga kabataan sa pamamagitan ng mga aktibidad na inorganisa ng kanilang mga lokal na grupo ng mga kabataan gayundin sa pagsunod sa sarili nilang personal na inspirasyon.

**NOONG SETYEMBRE 11, 2021,** nakilahok ang mga kabataan mula sa 40 stake sa United Kingdom at Ireland sa isang araw ng paglilingkod. Ang saklaw ng mga aktibidad ay mula sa pagkolekta at paghahatid ng mga suplay para sa mga food bank hanggang sa paggawa ng mga flash card para tulungan ang mga refugee na matuto ng Ingles.

**NOONG 2021,** maraming kabataan sa buong mundo ang nakilahok sa kampanya ng Simbahan na Ilawan ang Sanlibutan sa Pagmamahal. Bilang bahagi ng inisyatibo, tinuruan ng mga adult leader sa Ecuador ang mga kabataang babae kung paano mag-knit, at nakagawa sila ng 43 bandana sa loob ng tatlong buwan para sa kanilang lokal na nursing home.

**BUKOD PA** sa mga aktibidad na inorganisa ng Simbahan, hinikayat ang mga pamilya na magplano ng mga pagkakataong maglingkod sa tahanan. Inorganisa ng pamilya Andrews sa Alberta, Canada, ang mga miyembro ng kanilang komunidad para linisin ang isang parang na puno ng basura sa tabi ng bahay nila. Naisip ng limang-taong-gulang na si Preston ang ideyang ito, at tumulong ang apat niyang kapatid na maisagawa ang proyekto.

**SI CHELSEA,** isang bata pang miyembro ng Simbahan, ay nagpasiyang magsagawa ng isang personal na proyekto nang magsimula ang pandemyang COVID-19. Nagtipon siya ng mga kuwento kung paano binago ng COVID ang mga tao sa kanyang komunidad, inilathala ang mga iyon sa isang aklat, pagkatapos ay ipinamigay ang kinita roon sa kanyang lokal na foodbank. Naging sapat iyon para makabili ng delivery truck ang foodbank, na nagtulot sa kanila (at kay Chelsea) na magkaroon ng positibong epekto sa maraming buhay sa kanyang komunidad.



# Sabik sa Paggawa

*"Imposibleng makalkula ang dami ng paglilingkod na ginagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo sa bawat araw ng bawat taon."*

PANGULONG RUSSELL M. NELSON, PANGULO NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW[10]





**Itaas:** *Nangangalap ng panggatong ang mga boluntaryo mula sa isang kongregasyon ng Simbahan sa Kaysville, Utah, mula sa mga lugar na sinalanta ng bagyo. Pagkatapos ay inihatid ang panggatong sa mga residente ng Navajo Nation.*

# JustServe

- **62,000 bagong lokal na boluntaryo sa komunidad ang nagrehistro**
- **21,500 na bagong proyekto ang nalikha**
- **2,500 na bagong organisasyon ang nairehistro**

**ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW** ay naniniwala na lahat ay dapat makibahagi nang aktibo sa kanilang komunidad. Sa paglilingkod sa iba, mas nagkakaisa tayo at nakakapaghikayat ng kapayapaan sa mga tao, kultura, at pananampalataya.

Mula nang magsimula ang pandemya, ang JustServe—isang community service platform na pinatatakbo ng Simbahan—ay naglaan sa mga organisasyon ng kakayahang magdagdag ng mga remote service activity na maisasakatuparan mula sa kahit saan. Sa loob ng 10 taon ng pag-iral nito, nasaksihan ng JustServe na magrehistro ang mahigit 660,000 boluntaryo para sa mahigit 130,000 proyekto. 13,500 organisasyong nonprofit, pampamahalaan, panrelihiyon, at mga organisasyon ng komunidad ang nagpost ng mga proyektong ito.

Ang mga proyekto sa JustServe ay nagbibigay ng suporta sa komunidad at humahantong sa pakikipagtulungan sa iba't ibang relihiyon. Hindi lamang nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit ang mga pagsisikap na ito kundi hinuhubog din nito kapwa ang mga nagbibigay at ang mga tumatanggap. Bagama't likas na madalas magkaroon ng paglilingkod sa komunidad kapag may mga oportunidad, naglalaan din ng mga organisadong proyekto ang JustServe na nagtutulot sa mga miyembro ng komunidad na magboluntaryo at tumulong sa mga nangangailangan.

Noong 2021, libu-libong proyekto ang idinagdag sa platform, na karaniwan ay may halos pitong organisasyon na sumasali sa platform bawat araw. Kabilang sa mga pinakabantog ang isang proyekto sa Beaverton, Oregon, kung saan nakipagtulungan ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo sa mga miyembro ng Bilal Masjid Mosque sa pagkolekta ng mahigit 500 libra ng basura. Ang proyekto ay nagtulot sa mga indibiduwal na pagandahin ang kanilang lungsod at makipagkaibigan sa mga taong iba ang mga tradisyon sa relihiyon.

Sa Layton, Utah, nakipagtulungan ang isang lokal na lider sa Relief Society sa St. Mary Ethiopian Orthodox Tewahedo Church of Utah para magkasamang maglingkod sa 9/11 day of service. Nagtipon ang mga miyembro ng dalawang kongregasyon ng mahigit 10,000 food pack para sa mga lokal na batang estudyante sa paaralan at nagtatag ng pagkakaibigan sa pagitan ng dalawang grupo.

At sa Schaumburg, Illinois, ginawa ng mga boluntaryo na isang aprubadong pasilidad sa pagpoproseso ng pagkain ang isang gusali ng simbahan para maipakete at maipamahagi nila ang mga pagkain sa mga nangangailangan. Matapos mag-post ng pagkakataon sa JustServe, tumanggap ng 356 na boluntaryo ang proyekto mula sa maraming relihiyon, na nagbalot ng 85,538 pagkain. Ang pagsisikap ay magpapakain ng 234 na bata sa Haiti at sa Pilipinas sa loob ng isang buong taon.

> *"Kapag sama-sama tayong naglilingkod, natatanto natin na ang ating mga pagkakatulad ay mas malakas kaysa ating mga pagkakaiba."*
>
> —**PANGULONG M. RUSSELL BALLARD**
> Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol[11]









***Ibaba Kaliwa:*** *Nangolekta ng libu-libong donasyong pagkain ang "Feed Utah" food drive mula sa paligid ng estado nang wala pang isang araw.*







*Itaas Kaliwa: Nagtulungan ang mga boluntaryo at iba pa na alisin ang mga basurang sanhi ng Bagyong Ida sa First United Methodist Church sa Hammond, Louisiana.*

## ISANG KOMUNIDAD NA NAGKAKAISA SA PAGLILINGKOD

Matapos tumakas ang libu-libong tao mula sa Afghanistan noong huling bahagi ng 2021, tumugon ang komunidad ng Tri-Valley malapit sa Pleasanton, California, sa isang panawagan ng International Rescue Committee (IRC) para sa 50 kitchen kit. Nagtulungan ang mga lokal na boluntaryo, kabilang na ang iba't ibang organisasyon ng komunidad at relihiyon, sa paglikha ng isang flyer at isang Amazon "wish list," na may mga item na tulad ng mga kaldero, kawali, at kagamitang panluto. Pagkatapos ay inilagay sa JustServe website ang pagkakataong maglingkod para makita ito ng iba.

Sa unang araw, 115 item ang nabili, at lahat ng 500 hiniling na item ay nakuha sa loob ng limang araw. Dahil dito, nagpasiya ang komunidad na gawing 70 kit ang kanilang kontribusyon. Sa loob lamang ng isang linggo, mahigit 700 item ang binili—na nagkahalaga ng mahigit $11,000. Nang dumating na ang mga item, inayos ng isang grupo ng mga boluntaryo ang mga kit at isinakay ang mga ito sa mga sasakyan. Lahat ay naipadala sa IRC sa loob ng tatlong linggo mula nang hilingin ito.

Sa proyekto, napansin ng boluntaryong si Dena na namangha ang isa sa delivery men sa dami ng mga package na inihahatid sa bahay niya. Ipinaliwanag ni Dena na tumutulong siya sa isang collection drive para sa IRC. Pagkatapos ay sinabi ng lalaki kay Dena na nagtungo sila ng kanyang pamilya sa Estados Unidos mula sa Afghanistan noong 2003 at nakinabang sa kitchen kit program ding iyon. Mapagpakumbaba siyang nagpasalamat at hiniling na iparating ang kanyang pasasalamat sa lahat ng kasali roon.

# Tinawag na Maglingkod

*"Ang pagsisikap ng bawat isa sa atin ay hindi nangangahulugang kailangan tayong magbigay ng pera o magpunta sa malalayong lugar; ang kinakailangan dito ay patnubay ng [Banal na Espiritu] at nakahandang puso na magsasabi sa Panginoon ng, 'Narito ako; isugo ako' [Isaias 6:8]."*

SISTER SHARON EUBANK, UNANG TAGAPAYO SA RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENCY[12]





# Mga Welfare at Self-Reliance Missionary

*Bagama't maraming miyembro ng Simbahan ang naglilingkod sa sarili nilang pamilya, kongregasyon, at komunidad, pinipili ng ilan na maglaan ng mas marami pang oras nila sa gawaing pangkawanggawa sa pamamagitan ng paglilingkod sa full-time welfare at self-reliance mission.*

*Pinupunan ng matatapat na boluntaryong ito ang iba't ibang tungkulin sa loob ng mga self-reliance at humanitarian initiative ng Simbahan. Depende sa kanilang assignment, maaari silang magbigay ng employment coaching, tumulong sa mga nangangailangan na lumipat sa mga lugar na may mas mabuting antas ng pamumuhay, mangasiwa sa mga humanitarian project, at mangasiwa pa sa mga sakahang pag-aari ng Simbahan at iba pang mga pasilidad.*

**ANG MGA WELFARE AT SELF-RELIANCE MISSIONARY** ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naging kasangkapan sa mga pagsisikap ng Simbahan na tulungan ang mga naghahangad ng mas magandang buhay. Ang matatapat na miyembrong ito ay madalas tumulong sa pag-uugnay, pagpapatupad, at pagsubaybay sa mga inisyatibong mapagkawanggawa sa buong mundo.

---

**SINA ELDER AT SISTER NISH,** halimbawa, ay may mahalagang papel sa paghahatid ng 980 wheelchair at 1,166 na tulong sa paglalakad sa mga nangangailangan sa Eastern Cape ng South Africa. Bukod pa sa pagsubaybay sa mga rural outreach clinic, natulungan ng mag-asawa ang Eastern Cape Department of Health na tukuyin at alisin ang mga kakulangan sa proseso ng paghahatid. Dahil dito, lubhang nabawasan ang paghihintay sa mga wheelchair, at nakapagtamasa ng higit na kalayaan ang mga bata at matandang may kapansanan.

---

**ANG MGA WELFARE AT SELF-RELIANCE MISSIONARY** ay tumutulong din sa mga mithiin ng Simbahan na tulungan ang mga nangangailangan na umasa sa sarili. Sa southeast London, naglingkod sina Elder at Sister Miller sa Friendship Centre ng Simbahan, na may layon na tulungan ang mga taong tumatakas sa digmaan, pag-uusig, at mga kalamidad na dulot ng kalikasan. Pinag-ugnay ng mga Miller ang mga boluntaryo, lokal na ahensya ng pamahalaan, at iba pang nonprofit group para tulungan ang mga taong ito na nangangailangan ng tulong na makipagkaibigan, matuto ng mga kasanayan, tumanggap ng payo at legal na tulong, at matutong makisama sa kanilang bagong komunidad.

**BILANG BAHAGI NG ISA PANG PAGSISIKAP NA ITAGUYOD ANG PAG-ASA SA SARILING KAKAYAHAN,** pinamahalaan nina Elder at Sister Ellingson ang Laie Hawaii Farm na pag-aari ng Simbahan, kung saan mahigit 310 pamilya ang nagpapalago ng mga tanim para suportahan ang kanilang





*“Bawattaongnakipagtipan sa Diyos ay nangakong pangangalagaan ang iba at paglilingkuran ang mga nangangailangan.”*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw[13]

sambahayan. Tumulong ang mga Ellingson na mahawan ang lupain, inihanda nila ang lupa para sa pagtatanim, at nagturo sila ng mga pangunahing kasanayan sa pagsasaka. Nakatulong ang kanilang gawain sa maraming taong halos walang makain sa Hawaii na suportahan ang kanilang sarili sa panahon na kakaunti ang trabaho dahil sa pandemyang COVID-19.

**GAYUNDIN, SINA ELDER AT SISTER BROCK** ay nakipagtulungan sa Taiwan Technical Mission at sa Ministry of Environment and Land Development sa Kiribati para tulungan ang mga lokal na residente na matuto kung paano magpalago ng mayaman sa nutrisyon at magtatagal na mga halamanan. Ang isang layunin ng pagsisikap na ito ay para itaguyod ang mga gawi sa pagkain na tutulong na mabawasan ang mga insidente ng diabetes.

**SINA ELDER AT SISTER HUSKINSON** ay tumulong ding pangasiwaan ang member welfare program ng Simbahan sa Cebu area ng Pilipinas. Dahil sa kanilang mga pagsisikap, apat na pamilya ang binigyan ng dalawang biik bawat isa, pati na ng ipapakain, teknikal na suporta, at tulong sa pagsisimula ng sarili nilang mga gulayan. Natulungan ng proyekto ang mga pamilyang ito na umasa sa sarili nilang kakayahan, matuto ng mga bagong kasanayan, at mapaganda ang kalidad ng kanilang buhay.

Ang mga Nish, Miller, Ellingson, Brock, at Huskinson ay ilan lamang sa mahigit 7,300 full at part-time na welfare at self-reliance missionary na naglilingkod sa 68 bansa sa buong mundo.



# Mga Facilitator sa Kursong Self-Reliance

- **14,984 na self-reliance group**
- **137,458 kalahok**
- **2,658 naitalang job placement sa U.S. at Canada**
- **Mahigit 400 employment missionary**

**PINANGANGASIWAAN NG SIMBAHAN** ang mga self-reliance program at resources para tulungan ang mga indibiduwal na makahanap ng trabaho, magkaroon ng seguridad sa pananalapi, magtamo ng mga oportunidad na makapag-aral, at magkaroon ng emosyonal na lakas.

Ang mga pagsisikap na ito ay tinutulungan ng mga missionary at iba pang mga boluntaryo, na nangangasiwa sa mga self-reliance group at employment coaching sa 144 na bansa sa buong mundo. Ang mga kalahok sa grupo ay naragdagan ng 16 na porsiyento noong 2021, na may 31 porsiyentong paglago sa bilang ng mga indibiduwal na nagpapatulong na makahanap ng trabaho, makapag-aral, magkaroon ng personal na pananalapi, o makapagsimula ng negosyo.

Ang isang bagong handog noong 2021 ay ang kurso sa emosyonal na katatagan. Nariyan ang mga bagong manwal at video para sa Paghugot ng Lakas sa Panginoon: Katatagan ng Damdamin para tulungan kapwa ang mga miyembro at mga kaibigan natin sa pananampalataya. Ang kurso ay nakatuon sa pagkakaroon ng mabubuting huwaran sa pag-iisip, pamamahala sa stress at pagkabalisa, pag-unawa sa kalungkutan at depresyon, at pagdaig sa galit. Ang mithiin ay palakasin ang katatagan ng damdamin ng mga kalahok, para maging mas handa silang harapin ang mga hamon ng buhay.

Bukod pa sa mga kursong ito, makakakuha ng tulong ang mga indibiduwal na naghahanap ng trabaho na mapadali ang paghahanap nila ng trabaho at mapahusay ang mga kasanayan nila sa pagsagot sa mga interbyu. Maaari din silang masiyahan sa job coaching at mga online workshop. Ang gawaing ito ay nagresulta sa libu-libong indibiduwal na nakahanap ng bago o mas magandang trabaho noong 2021.

Isa sa mga taong iyon si Joseph, isang engineer na may master's degree sa aerospace engineering mula sa Arizona State University. Nang makatapos, nahirapan si Joseph na makahanap ng trabaho. Makalipas ang ilang hindi matagumpay na interbyu, pumayag si Joseph na bisitahin ang kanyang lokal na Employment Resource Services center, at nagsimula siyang makipag-usap nang regular sa mga employment service missionary para sa one-on-one coaching. Dumaan siya sa programa ng aktibong paghahanap ng trabaho at nakatanggap ng alok na magtrabaho bilang rocket scientist sa loob ng dalawang buwan.

Para sa mga nahihirapang makahanap ng trabaho, mayroong development counseling sa Deseret Industries. Tinutulungan ng programang ito ang mga indibiduwal



> *"Posibleng bigyang-inspirasyon ang mga mamamayan na lutasin ang sarili nilang mga problema sa kaunting tulong ng iba. Alam natin na ang solusyon ay hindi magiging pare-pareho sa lahat ng lugar, ngunit alam natin na maaaring umangkop ang mga pangunahing alituntunin."*
>
> —SISTER REYNA I. ABURTO
> Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency[14]

na gumawa ng mga mithiin at mag-isip ng plano para makapag-aral at magkaroon ng karanasang kailangan para makamit ang mga mithiing iyon. Bilang bahagi ng programa, tatanggap ng training at karanasan sa trabaho ang mga kalahok sa mga thrift store na pag-aari ng Simbahan.



### ISANG MITHIING MAGLINGKOD

Matapos ibenta ni Michael ang kanyang negosyo, patuloy siyang nagtrabaho para sa bagong may-ari hanggang sa kalaunan ay tinanggal siya sa trabaho. Nakahanap siya ng ibang trabaho, ngunit hindi naging maayos ang lahat, at umalis siya.

Nagkaroon ng matinding depresyon si Michael at ipinasok siya sa mental health unit sa kanilang lokal na ospital. Pinayuhan siya ng kanyang doktor na pumasok sa internship program sa Deseret Industries. Nagsimulang makipagtulungan si Michael sa isang development counselor at job coach. Pinayuhan siya nito at tinulungan sa pagtatakda ng mithiing magmisyon kasama ang kanyang asawa.

Sa paglipas ng panahon, nakamit ni Michael ang kanyang mithiin, at silang mag-asawa ay kasalukuyang naglilingkod bilang mga missionary sa Palmyra New York Temple.

### PAGPAPATIBAY NG MGA RELASYON SA PAMILYA

Bilang bahagi ng programa sa katatagan ng damdamin noong 2021, nagdaos ng isang online conference ang Africa West Area para sa lahat ng miyembro, na pinamagatang "Fostering Emotional Resilience in the Youth [Pagtataguyod ng Katatagan ng Damdamin sa mga Kabataan]." Dumalo ang isang dalaga kasama ang kanyang ina.

Bago ang kumperensya, hindi maganda ang relasyon ng dalaga at ng kanyang ina. Gumagamit ng masasakit at mapanghamak na mga salita ang ina sa kanyang anak.

Pagkatapos ng kumperensya, iniulat ng dalaga na, dahil sa mga kasanayang itinuro sa kumperensya, malaki ang iginanda ng pagtrato sa kanya ng kanyang ina. Ang pagbabagong ito ay nakaragdag nang husto sa pagpapahalaga at tiwala ng dalaga sa kanyang sarili.



# Mga Family Services Counselor at Facilitator

- 2,800 Addiction Recovery Program meeting bawat linggo sa 30 bansa at 17 wika
- 304,405 taong napaglingkuran
- 189,994 na counseling session para sa pamilya, grupo, indibiduwal, at mag-asawa

**ANG FAMILY SERVICES NG SIMBAHAN** ay isang organisasyong tumutulong sa mga lider na pangalagaan ang mga indibiduwal na may mga hamon sa pakikisalamuha at sa damdamin sa pamamagitan ng pagbibigay ng resources at konsultasyon.

Ang isang mahalagang tuon para sa Family Services ay ang Addiction Recovery Program ng Simbahan (ARP), na nagbibigay ng suporta at isang ligtas na lugar para sa sinumang nagsisikap na madaig ang isang mapaminsalang ugali. Ang libreng programa ay binubuo ng mga support group na sumusunod sa 12-hakbang na pamamaraan. Ang programa ay nakapaloob sa isang framework na nakasentro sa ebanghelyo na may kaugnayan sa Tagapagligtas na si Jesucristo at kinikilala Siya bilang pinagmumulan ng paggaling. Ang Addiction Recovery Program ay pinadadali ng mga boluntaryo ng ARP sa buong mundo, at sinuman—anuman ang relihiyon—ay maaaring lumahok.

Bukod pa sa ARP services, ang Family Services ay nag-aalok ng payo sa mga tao sa iba't ibang sitwasyon. Kabilang na rito ang mga miyembro, missionary, at magiging mga magulang. Maaaring kumonsulta ang mga therapist sa mga lider ng Simbahan kung paano pinakamainam na matutulungan ang mga miyembro sa kanilang lugar. Nagdaraos din sila ng mga counseling session para sa pamilya, grupo, at mag-asawa.

**ISANG BUHAY NA TULUYANG NAGBAGO**

Matapos mahirapang mag-isa sa adiksyon sa pornograpiya sa loob ng 50 taon nang walang progreso, dumalo si John* sa isang ARP meeting sa pagsisikap na tugunan ang kanyang mapaminsalang ugali. Binago raw ng ARP meeting ang buhay niya. Isinuko ni John ang buhay niya sa Panginoon, dumalo siya sa mga ARP meeting, at nagsikap siyang makumpleto ang 12-hakbang na programa.

Bagama't dumadalo pa rin siya sa mga ARP meeting, nakadama si John ng hangaring maglingkod bilang boluntaryo sa ARP program bilang kapalit ng natanggap niya. Sa kabila ng kanyang sariling mga pagdududa, sinabi ni John sa bishop niya ang kanyang mithiin. Hindi nagtagal, nakatanggap siya ng isang volunteer assignment. Apat na taon na siyang naglilingkod sa ARP program, na nagtulot sa kanya na magpatuloy sa kanyang pagsisikap na maging mas mabuti habang tinutulungan ang iba na baguhin ang kanilang buhay.

*Binago ang pangalan




# Deseret Industries

- 9,054 na kasamahan na napaglingkuran
- 58,981,915 libra ng mga produktong nai-recycle
- 39,835 muwebles na nayari
- 137 service missionary

**NOONG 1938,** itinatag ng Simbahan ang Deseret Industries (DI) bilang isang paraan ng pagbibigay ng kakayahan sa mga taong naghahangad na mas umasa sa kanilang sariling kakayahan.

Para maisakatuparan ang mithiing ito, nagpapatakbo ng 45 thrift store ang Deseret Industries sa walong estado. Ang mga donasyon at bagong kasangkapan (ginawa sa pamamagitan ng Deseret Manufacturing) ay nagtutulot sa mga indibiduwal na makabili ng mga kinakailangan nila. Ang mga taong nangangailangan na tinutukoy ng mga bishop ay maaari ding tumanggap ng mga damit at mahahalagang kasangkapan sa bahay nang libre.

Sinusuportahan din ng DI ang self-reliance sa pamamagitan ng employment program nito. Ang programang ito ay tumutulong sa mga indibiduwal na nahihirapang makahanap ng trabaho na magkaroon ng mga kasanayan, tumanggap ng training sa kahandaan sa trabaho, at makinabang mula sa on-the-job coaching, upang makasulong sila kalaunan sa matagumpay na pangmatagalang propesyon.

Nagbibigay rin ang DI ng mga community grant para pahintulutan ang mga aprubadong nonprofit organization na makakuha ng mga produkto nang libre para gamitin sa mga lokal na komunidad. Noong 2021, nagbigay ng 270 na gayong community grant ang DI.

Sa huli, sinusuportahan ng DI ang pandaigdigang pagkakawanggawa ng Simbahan sa pamamagitan ng Humanitarian Center nito, kung saan ibinubukod-bukod ang mga donasyong hindi naibenta at ipinamamahagi kung saan kailangang-kailangan ang mga iyon.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga miyembro at missionary ng Simbahan sa misyon ng DI. Bukod pa sa pagbibigay ng mga item sa kanilang mga lokal na DI store, nagboluntaryo ang mga miyembro ng Simbahan at mga service missionary ng 122,841 oras.

### PAGIGING BUONG MULI

Si Neal ay nagtatrabaho sa corporate sales nang bigla siyang mawalan ng trabaho noong Marso ng 2020. Nagpunta siya sa Deseret Industries para maghanap ng trabaho, ngunit itinuring niya iyon na isang pansamantalang solusyon. Gayunman, sa paglipas ng panahon, napansin ni Neal kung paano binabago ng bago niyang trabaho ang kanyang buhay.

"Ang pagtatrabaho sa Deseret Industries ay nagpakita sa akin kung paano isama ang pag-ibig ni Cristo sa araw-araw kong pagtatrabaho," sabi ni Neal. "Natuto akong magpasensya, magsipag, magpakumbaba, gumalang, mahabag, magtiyaga, at maging marangal. Tinulungan nilang bumangon muli ang isang taong nalugmok, at wala talagang mga salita para sa laki ng pasasalamat na maibibigay ng isang tao para diyan."



*Ang missionary program ng Simbahan ay binibigyan ng pagkakataon ang mga miyembro na maglingkod nang makabuluhan—sa kanilang lokal na lugar at maging sa buong mundo.*

*Ang mga service missionary ay naglilingkod nang part-time sa loob ng 6–24 na buwan. Nag-oorganisa sila at nakikilahok sa mga service project sa kanilang mga lokal na komunidad. Maaari ding patulungin ang mga service missionary sa mga lokal na humanitarian project.*

*Ang mga proselytizing missionary ay naglilingkod nang full-time sa loob ng 18–24 na buwan, at maaari silang atasang maglingkod sa halos saan-man sa mundo. Bagama't nakatuon ang mga missionary na ito sa pagtu-turo tungkol sa Tagapagligtas, naki-kilahok din sila sa mga service project bilang bahagi ng kanilang ministeryo. Maaari din silang patulungin sa mga emergency response initiative sa lugar kung saan sila itinalaga.*

# Mga Service at Proselytizing Missionary

**"BILANG MGA MISSIONARY,** gustung-gusto naming magkaroon palagi ng mga pagkakataong maglingkod dahil hinahayaan kami nitong tulungan ang iba na tulad ni Cristo," sabi ni Sister McQueen, isang full-time missionary na naglilingkod sa New Zealand.[15]

Noong 2021, nakalahok si Sister McQueen sa ilang service project bilang bahagi ng kanyang paglilingkod bilang missionary—kabilang na ang pagkakataong tumulong na punuin ng mga schoolbook at muwebles ang isang shipping container. Ang mga item na ito ay ipinadala sa mga estudyante sa Fiji, kung saan maraming paaralan ang nasira ng mga bagyo.

**ANG MGA MISSIONARY AY MADALAS MATAWAG** na maglingkod sa mga humanitarian project sa kanilang mga nakatalagang lugar. Sa Melbourne, Australia, halimbawa, nagtulungan ang mga missionary para ibaba at ayusin ang mga Pamaskong regalo na naipamigay sa mga pamilyang nangangailangan. Gayundin, tumulong ang mga missionary sa Cape Verde na maghatid ng mga food basket sa 70 pamilyang nagugutom.

**ANG MGA PROYEKTO SA MGA LOKAL NA KOMUNIDAD** ay maaari ding makatulong sa pakikilahok ng mga missionary. Sa Guatemala City, sumali ang mga missionary sa "Pintemos la 8ª calle" event, kung saan nagpintura sila ng pader ng mga gusali bilang bahagi ng isang inisyatibo sa renobasyon ng isang espasyong pampubliko. Samantala sa Guam, nagsagawa ang mga missionary ng mga lingguhang paglilinis para mapaganda ang kapaligiran.

**KUNG SAKALING MAGKAROON** ng mga kalamidad at iba pang mga emergency, nagboboluntaryo ng kanilang oras at lakas ang mga lokal na service at proselytizing missionary para tulungan ang mga nangangailangan. Halimbawa, noong 2021 nagkaroon ng matinding pagbaha sa mga bahagi ng Germany,





*“Maraming matututuhan mula sa mga mahimalang bunga ng simpleng pagsasabuhay ng mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo.”*

—ELDER GARY E. STEVENSON
Korum ng Labindalawang Apostol[16]

Belgium, ang Netherlands, Luxembourg, at Switzerland. Sa loob ng ilang araw, mahigit 60 missionary ang ipinadala sa mga apektadong lugar, kung saan ibinukod-bukod nila ang mga donasyong produkto at hinawan ang putik at mga basura mula sa mga bahay at paaralan. Nang sumunod na ilang buwan, nagbigay ng mahigit 12,000 oras ng paglilingkod ang mga missionary, kaya tinawag sila ng maraming mamamayan na “Engel unterwegs”—mga anghel sa daan.

---

**NAGHAHANDOG DIN ANG MGA MISSIONARY** ng kanilang oras sa pagtulong sa mga humanitarian initiative sa kanilang lugar. Noong Oktubre, 182 missionary ang nakibahagi sa isang araw ng pagbabakuna sa Puebla, Mexico. Nagpamudmod sila ng hand sanitizer, nagbigay ng direksyon sa mga tao, at sumagot sa mga tanong. Dahil sa kanilang mga pagsisikap, mahigit 110,000 adult ang natanggap ang kanilang bakuna laban sa COVID-19.

---

**SINABI NI ELDER MORÁN,** isang missionary na naglilingkod sa Puebla North Mission, “Naniniwala kami na kapag naglilingkod tayo sa iba, naglilingkod tayo sa Diyos. Naniniwala kami na magkakapatid tayo sa pananampalataya, sa pamilya ng Diyos, kaya mahalaga ang paglilingkod sa ating paniniwala.”[17]



*Itaas: Ang Transitional Services ng Simbahan ay nakikipagtulungan sa mga nangangailangan ng tulong sa iba't ibang pangangailangan, tulad ng tulong sa paghahanap ng trabaho at pag-access sa lokal na resources.*

# Transitional Services

- **5,000 indibiduwal at pamilya ang natulungan sa pamamagitan ng fast offering funds o sa utos ng mga bishop**
- **Mahigit 29,000 oras ng paglilingkod ng mga missionary**

**ANG MGA FULL-TIME EMPLOYEE AT SERVICE MISSIONARY** sa mga tanggapan ng Transitional Services ng Simbahan ay nakatuon sa pagbibigay ng temporal, mental, at espirituwal na tulong sa maraming indibiduwal—kabilang na ang mga lumalabas ng mga correctional facility, mga kababaihang sinagip mula sa trafficking, mga beterano, at mga bagong indibiduwal na nandayuhan, tumakas mula sa kanilang sariling bansa, o nawalan ng tirahan.

Ang Transitional Services ay tumatakbo sa pitong lugar sa Estados Unidos sa tulong ng 131 service missionary. Tumutulong din ang mga miyembro ng Simbahan sa mga pagsisikap na ito sa pamamagitan ng mga katungkulan sa pamumuno sa priesthood at Relief Society, mga assignment ng mga missionary, at mga calling sa ward at branch. Ang mga boluntaryong ito ay nakikipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad at iba pang mga organisasyon ng Simbahan (tulad ng Deseret Industries at Family Services) para tulungan ang mga nangangailangan na ma-access ang resources na pinakamainam na makakatulong sa kanila.

Halos kalahati ng mga natulungan noong 2021 ay hindi mga miyembro ng Simbahan. Ang mga pagsisikap na ito ay mula sa mga turo ni Jesucristo na tulungan ang mga nangangailangan, pangalagaan ang nawawala, at mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili.

Ipinapakita sa mga tumatanggap ng tulong na minamahal sila bilang mga anak ng Diyos, binibigyan ng resources para tulungan silang madaig ang mga balakid na maaaring humadlang sa kanilang pag-unlad, at tinuturuan ng kahalagahan ng paglilingkod sa iba. Bagama't ang isang pangunahing layunin ng Transitional Services ay tulungan ang mga indibiduwal na umasa sa kanyang sariling kakayahan, mahalaga ring bigyang-kakayahan ang mga indibiduwal na madaig ang espirituwal na kahirapan. Sa katunayan, magkaugnay ang dalawang ito.

### PAG-ANI NG MGA PAGPAPALA NG SELF-RELIANCE

Nang mapalaya mula sa bilangguan pagkaraan ng 25 taon, pinapunta si Carl ng kanyang branch president sa tanggapan ng Transitional Services. Tiniyak ng Transitional Services na natugunan ang mga pangangailangan ni Carl tulad ng pagkain, damit, at access sa pampublikong transportasyon, na tumulong sa kanya na bumangon muli sa sarili niyang mga paa. Ngunit dahil iilan lang ang mahal niya sa buhay, kinailangan din ni Carl ng suporta para makahanap ng kaligayahan, pag-asa, at layunin.

Itinuro ng mga boluntaryo sa Transitional Services kay Carl ang kapangyarihan ng Tagapagligtas, na tumulong sa kanya na malaman ang kanyang kahalagahan at potensyal. Tinulungan din nila siyang makakuha ng trabaho. Simula noon ay naghanap na siya ng mga pagkakataong tulungan ang mga nasa gayon ding sitwasyon, tumutulong sa tatlo pang dating bilanggo na magkaroon ng trabaho at makahanap ng pag-asa.

# Pandaigdigang Tulong

*"Karamihan sa mga gawaing pangkawanggawa ay kailangang maisakatuparan sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng resources ng mga indibiduwal at pagtutulungan sa malawakang paglilingkod. Ginagawa ito ng ipinanumbalik na Simbahan sa pamamagitan ng napakaraming pagkakawanggawa nito sa buong mundo."*

PANGULONG DALLIN H. OAKS, UNANG TAGAPAYO SA UNANG PANGULUHAN[18]





# Seguridad at Nutrisyon sa Pagkain

- 104 na food security project sa buong mundo
- 18 bansang naapektuhan

**ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW** ay naniniwala na lahat ay dapat makakuha ng masustansyang pagkain. Sa tulong ng mga donasyon mula sa mga miyembro, kumikilos ang Simbahan para magkaroon ng seguridad sa pagkain at wastong nutrisyon para sa mga komunidad sa iba't ibang bahagi ng mundo upang mapabuti ang kanilang buong kalusugan at kalidad ng buhay.

Kung hindi posibleng makakuha ng makulay at masustansyang pagkain, hinihikayat ang mga indibiduwal na gumawa ng mga hakbang para sila mismo ang makapagtanim ng mga prutas, gulay, at butil. Ang pagkatutong matustusan ng pagkain ang sarili at pamilya ay nagbibigay ng kasiyahan at maaaring magbunga ng malalaking pakinabang sa kalusugan para sa darating na mga henerasyon.

Sa pakikipagtulungan ng iba pang mga grupo tulad ng Concern Worldwide, Catholic Relief Services, at UNICEF USA, tumulong ang Simbahan na magsagawa ng 104 na food security project sa buong mundo noong 2021. Tinuruan ang mga indibiduwal at pamilya ng mas pinahusay na mga pamamaraan ng agrikultura na magreresulta sa dagdag na produksyon ng pagkain sa kanilang mga komunidad kahit na matagal nang natapos ang mga proyekto.

Si Abraham, halimbawa, ay lubhang nakinabang mula sa mga training na ibinigay sa pamamagitan ng isang proyektong ipinatupad sa pamamagitan ng Concern Worldwide. Isang determinadong tagatanim ng gulay sa Liberia, natuto si Abraham ng mga kasanayang teknikal na nakatulong sa kanya na maparami ang aning pananim. Bukod pa sa kakayahang pakainin ang kanyang pamilya, nagagawa na niya ngayong ibenta ang sobrang ani niya sa iba sa kanyang komunidad. Si Abraham ay isa sa 31,262 pamliya na may maliliit na sakahan na sinusuportahan ng mga proyekto ng Simbahan sa taon na ito.

Nag-aambag din ang Simbahan sa mga proyektong tumutulong sa mga kalahok na matutuhan ang mahahalagang alituntunin at gawi sa mabuting nutrisyon. Halimbawa, nakipagtulungan ang Simbahan sa iba pang mga organisasyong pangkawanggawa para mamahagi ng isang maliit ngunit malakas na "Lucky Iron Fish" para labanan ang iron deficiency anemia ng mga ina sa Benin at Senegal. Ang dalawang-pulgadang hugis-isdang piraso ng iron ay nagre-release ng anim hanggang walong milligram ng iron sa anumang likido kapag pinakuluan, at maaaring gamiting muli sa loob ng ilang taon. Sa pamamagitan ng proyektong ito, nakapaglaan ng sapat na Lucky Iron Fish ang Simbahan para pasaganahin ang mahigit 5 milyong pagkain.

> *"Higit pa ito sa isang relasyon sa pagitan ng dalawang kawanggawa, isa itong relasyon sa pagitan ng mga komunidad na may iisang pananampalataya na nakalaan sa pagtulong sa ating mga kapatid sa buong mundo."*
>
> —SEAN CALLAHAN
> President at CEO ng Catholic Relief Services[19]





© 2021, Lucky Iron Fish Enterprises (LIFE)



## ANG PROYEKTONG TANIMAN SA PAARALAN

Sa Kyrgyzstan, nagtulungan ang Simbahan at ang Mercy Corps para tulungan ang napakaraming paaralan na magpasimula at mag-alaga ng mga taniman, na may pangunahing layuning magbigay ng mga sariwang prutas para sa mga pangangailangan ng mga bata sa pagkain. Noong 2021, tinangkilik ng Simbahan ang pagtatanim ng 2,102 sapling sa 20 karagdagang paaralan. Dahil dito ay umabot na ng 155 ang kabuuang bilang ng mga kalahok na paaralan, na nakatulong sa mahigit 3,000 estudyante.

Anumang produktong hindi nauubos ng mga estudyante at kawani ay ibinebenta para magkaroon ng pondo para maragdagan pa ang mga pagkain sa paaralan. Noong Nobyembre 2021, natuklasan ng pagsusuri ng Mercy Corps na ang kabuuang survival rate ng sapling ay 95% dahil sa bukod-tanging mga pagsisikap ng mga paaralan na mag-alaga ng mga taniman

## PAGSUPORTA SA MGA BATANG MALNOURISHED

Noong 18 buwan si Gbassay ng Sierra Leone, nagkaroon siya ng matinding malnutrition at iba pang mga kumplikasyon sa kalusugan at naospital nang dalawang buwan. Dahil sa suportang ibinigay ng Simbahan at ng UNICEF USA, natamo ni Gbassay ang kailangang timbang para manatili siyang buhay.

Gayunman, unang hakbang pa lang ito dahil ang paglago ng katawan at isipan ni Gbassay sa hinaharap ay nakasalalay sa kanyang patuloy na nutrisyon. Sa pamamagitan ng paglahok sa isang support group na nagtuturo kung paano gamitin ang lokal na itinanim na pagkain para mapakain ang mga bata, natutuhan ng ina ni Gbassay kung paano pakainin nang sapat ang kanyang sariling anak at naging isang “nutrition ambassador” din para ituro ang mga kasanayang ito sa ibang mga ina sa kanyang komunidad.

Dahil sa pinagsamang pagsisikap ng Simbahan at ng UNICEF USA noong 2021, halos 1,500 bata sa buong Moyamba District ng Sierra Leone ang matagumpay na gumaling matapos magamot para sa malnutrisyon.




© DIGDEEP

# Malinis na Tubig at Sanitasyon

- **1.74 na milyong tao ang natulungan**
- **Mga proyektong pinasimulan sa 47 bansa**
- **114 na proyekto sa malinis na tubig at sanitasyon**

**ANG MALINIS NA TUBIG** ay naging pangunahing tuon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa maraming taon. Ang access sa ligtas na inuming tubig at mga sanitation service ay mahalaga sa kalidad ng buhay at nagbibigay ng pundasyon para sa mga pamilya at komunidad.

Ang malinis na tubig ay naghihikayat din ng personal na pag-unlad sa pamamagitan ng gumagandang kalusugan, pananatili ng mga bata at kabataan sa paaralan, at pagbibigay-kakayahan sa mga indibiduwal na maging self-reliant.

Bagama't maaaring tumulong ang mga welfare missionary sa pagsisikap na magbigay ng malinis na tubig sa buong mundo, karamihan sa mga proyekto ay hindi nangangailangan o kinabibilangan ng tuwirang paglahok ng mga miyembro ng Simbahan. Sa halip, ginagamit ng Simbahan ang mga donasyon mula sa mga miyembro para makipagtulungan sa mga organisasyong may komprehensibong pamamaraan sa pagpapalakas ng mga clean water at sanitation system. Marami sa mga organisasyong ito ang bahagi ng Agenda for Change—isang koalisyon ng mahahalagang grupo na tapat sa pagpapalakas ng mga water system.

Ang mithiin ng Simbahan na bigyan ng access sa malinis na tubig ang mga komunidad ay nakatuon sa kabanalan, layunin, at kahalagahan ng buhay. Bukod pa riyan, kumikilos ang Simbahan para matiyak ang patuloy na suporta sa pamamagitan ng pagbibigay ng training sa mga lokal na komunidad tungkol sa pinakamagagandang gawi sa kalinisan at sanitasyon, gayundin sa pagmementena ng kanilang mga water system.

Para magawa ito, tinapos ng Simbahan ang ilang mahalagang proyekto sa tubig noong 2021, kabilang ang pakikipagtulungan sa Water for People para itayo o ayusin ang limang paaralan at water system sa komunidad sa mga nayon ng Chinda, San Antonio de Cortés, at El Negrito, Honduras. Naiayos ng proyektong ito ang serbisyo sa tubig para sa 231 estudyante at tagapagturo, gayundin sa 936 na residente sa komunidad.

Sinuportahan din ng Simbahan ang isang proyekto sa tubig sa Mali sa pakikipagtulungan sa WaterAid. Ang proyekto ay nagbigay ng 11 bagong latrine block sa mga paaralan at healthcare facility. Bukod pa riyan, isang water supply system ang ikinabit sa isang lokal na klinika, pati na ang isang incinerator para mapamahalaan ang biomedical waste. Isang laundry facility ang idinagdag sa isang maternity ward, at dalawang school management committee at isang community health association ang tumanggap ng training kung paano magmentena ng mga sanitation facility. Sa kabuuan, nakatulong ang proyekto sa mahigit 5,300 tao.

*"Sa pagtutulad ng ating ministering kay Jesucristo, mahalagang tandaan na ang Kanyang mga pagsisikap na magmahal, mag-angat, magsilbi, at magpala ay may mas mataas na layunin kaysa sa pagtugon sa panandaliang pangangailangan. . . . Ninais Niya na gumawa ng higit pa sa pagpawi ng uhaw na nadarama sa kasalukuyang araw."*

—BISHOP W. CHRISTOPHER WADDELL
Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric[20]

## MALINIS NA TUBIG SA LUPAIN NG MGA NAVAJO

Tatlumpung porsiyento ng mga pamilyang Navajo ang nabubuhay nang walang madaling access sa dumadaloy na tubig. Para malutas ang isyung ito, nakipagtulungan ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Navajo Tribe noong 2021 para maghatid ng malinis at dumadaloy na tubig sa Lupain ng mga Navajo. Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa DigDeep, isang nonprofit organization.

Nagtulungan ang Digdeep, ang Simbahan, at ang Navajo Tribe sa panahon ng pandemyang COVID-19 para makapaghatid ng tubig sa pamamagitan ng ilang daang 275-galon na mga storage tank, na regular na pinupuno ng mga tanker truck. Sa ngayon, natulungan na ng proyekto ang mahigit 700 indibiduwal sa New Mexico, Utah, at Arizona.

Bukod pa riyan, nagtuon ang Navajo Water Project sa mga paraan ng paghahatid ng dumadaloy na tubig at mga tubo sa pinakamahihina—kabilang na ang mga matatandang Navajo. Sa ngayon, naikabit na ang mga home water system na ito sa 20 sambahayan.

## PAGPAPANUMBALIK NG MGA WATER SYSTEM SA HONDURAS

Nang hagupitin ng dalawang bagyo ang Honduras noong 2020, nawasak ang water system sa bayan ng Cordoncillos. Dahil dito, kinailangang maghatid ng tubig si Bessy at ang daan-daang iba pa mula sa isang sapa papunta sa kanilang mga tahanan. Mahirap iyon lalo na dahil nangyari iyon sa kasagsagan ng pandemyang COVID-19.

Bilang tugon, nakipagtulungan ang mga mamamayan ng komunidad sa mga technician mula sa Water for People para tumulong sa mga pagsisikap na muling buuin ang mga water system. Sinuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap na ito, at sa huli ay nanumbalik ang daloy ng tubig sa Cordoncillos.

Si Bessy ay isa na ngayon sa mahigit 3,000 tao na may ligtas na tubig para maprotektahan ang kanilang kalusugan at mahugasan ang kanilang pagkain. Matapos makaranas ng panahon na walang makuhang malinis na tubig, lalong nagpapasalamat si Bessy sa mga taong nagpanumbalik ng mga water system sa kanyang bayan at namumuno sa mga inisyatibo para sa malinis na tubig sa buong mundo.



© DIGDEEP



© DIGDEEP



# Edukasyon

- **Mahigit 600,000 estudyanteng ang natulungan**
- **Mga textbook at materyal sa pag-aaral na ibinigay para sa 7,740 estudyante**
- **Mga kagamitan sa silid-aralan na ibinigay para sa 6,998 estudyante**
- **Remote learning para sa 2,400 estudyante**

**ANG PAGBIBIGAY NG ACCESS SA DE-KALIDAD NA EDUKASYON** para sa lahat ay nagtataguyod ng dignidad sa buong sangkatauhan at inilalapit ang mga tao sa Diyos. Itinuturo sa ating lahat ng mga banal na kasulatan na patuloy na mag-aral—"maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118). Bukod pa riyan, naniniwala tayo na "ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, o, sa ibang salita, liwanag at katotohanan" (Doktrina at mga Tipan 93:36).

Ang Perpetual Education Fund (PEF) loan program ay tumutulong sa mga miyembro na makabayad para sa mga training program na tutulong sa kanila na makakuha ng mas magandang trabaho o makapagsimula ng sarili nilang negosyo. Noong 2021, 2,282 bagong kalahok sa PEF ang tumanggap ng mga education loan, na tumulong sa kanilang dumalo sa mga vocational training program nang hanggang dalawang taon. 170 sa mga kalahok na ito ang nakatapos noong 2021, at 177 ang nakahanap ng mas magandang trabaho—ang ilan sa mga ito ay nakahanap ng trabaho bago pa man sila nakatapos. Noong 2021, naging available din ang PEF loan program sa mga kalahok sa apat na bagong bansa: Burundi, Cameroon, ang Republic of the Congo, at Rwanda.

Ang Benson Scholarship program ay nagbibigay ng mga scholarship para tulungan ang mga makakatanggap na makakuha ng post-secondary education sa mga larangang may kaugnayan sa agrikultura. Noong 2021, 237 ang pinagkalooban ng mga scholarship.

Pinatatakbo rin ng Simbahan ang BYU–Pathway Worldwide, na nakikipagtulungan sa Brigham Young University–Idaho at Ensign College para magbigay ng mas madaling access sa murang online na edukasyon. Noong 2021, natulungan ng BYU–Pathway Worldwide ang halos 60,000 estudyante mula sa mahigit 180 bansa. Mahigit 50 porsiyento ng mga estudyante ng BYU–Pathway ang nagmula sa mga bansa sa labas ng Estados Unidos o Canada.

Sa pamamagitan ng EnglishConnect program ng Simbahan, nadaragdagan ng mga indibiduwal sa buong mundo ang pag-asa sa sariling kakayahan at napapalawak ang mga oportunidad sa pamamagitan ng pag-aaral ng Ingles. Ang mga kurso ay inaalok sa ilang bansa at rehiyon, kabilang na sa Brazil, Korea, Mexico, Japan, the Caribbean, at Central America.

Bukod pa riyan, itinataguyod ng Simbahan ang mga programa ng edukasyon upang tulungan ang mga mga refugee o nawalan ng tirahan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Edukasyon at kabuhayan ang dalawa sa pinaka-karaniwang hiling na tulong ng mga taong ito. Kabilang sa mga proyekto ang pag-aayos ng mga gamit at paglalagay ng mga kasangkapan sa mga silid-aralan, pagbibigay ng mga school supply, at pagsuporta sa teknolohiya para mapadali ang remote learning (tulad noong may pandemyang COVID-19).

> *"Ang habambuhay na pagkatuto ay maaaring makaragdag sa kakayahan nating magpasalamat at masiyahan sa mga likha at ganda ng mundo sa ating paligid."*
>
> —PANGULONG DALLIN H. OAKS
> Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan[21]

Kapag tumutulong sa mga proyektong pang-edukasyon para sa mga refugee, nakikipagtulungan ang Simbahan sa matatag na mga pandaigdigan, rehiyonal, at pambansang organisasyon. Ginagawa ng mahahalagang organisasyong ito ang frontline work sa mga camp o pamayanan, at ang pagsubaybay ay madalas ginagawa ng mga missionary at iba pang mga boluntaryo.

Mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa marami sa iba pang mga humanitarian initiative ng Simbahan. Upang makapagtaguyod ng pangmatagalang suporta, pinipili ng Simbahan ang mga proyektong nagbibigay ng pagsasanay at edukasyon sa apektadong lugar. Tinitiyak nito na handang gumamit ang mga doktor ng bagong kagamitan, na nabigyang-pagsasanay ang mga komunidad sa pagmementena ng mga bagong water facility, na mas may kamalayan ang mga indibiduwal sa resources at pinakamagagandang gawi para sa kanilang lugar, at iba pa.

Sinusuportahan ng mga miyembro sa buong mundo ang mga inisyatibo sa edukasyon sa pamamagitan ng boluntaryong gawain at paglilingkod bilang missionary. Ang mga boluntaryong ito ay nag-ambag ng halos 10,000 oras ng paglilingkod noong 2021.





### MGA ESTUDYANTE SA SYRIA NA DETERMINADONG MATUTO

Noong 2021, nakipagtulungan ang Simbahan sa Jusoor—isang programang pang-edukasyon para sa mga bata at kabataan sa Syria. Ang proyekto ay lumikha ng isang online education program na tinatawag na "Azima," na ipinangalan sa salitang Arabic para sa determinasyon.

Sa buong mundo, ang pag-access sa teknolohiya ay isang lumalagong pangangailangan sa pag-aaral ng mga bata. Totoo ito lalo na sa mga komunidad ng mga refugee, kung saan dalawang-katlo lamang ng mga household ang may isa man lang na smartphone. Nalaman ng Jusoor na maraming estudyante sa mga pamayanang refugee ang kailangang magmadaling makatapos ng kanilang homework upang magamit ng kanilang mga kapatid ang cell phone.

Gumawa ng mga grant at rental program ang Jusoor para tulungan ang mga batang ito na magkaroon ng access sa teknolohiyang kailangan nila. Sa pagharap sa mga hamon sa pag-aaral sa bahay sa panahon ng pandemyang COVID-19, malaki ang naging pag-unlad ng mga estudyante sa Azima program sa math, Arabic, at Ingles.




© Himalayan Cataract Foundation

# Pangangalaga sa Kalusugan at Kapansanan

- **135 mobility project sa 57 bansa at teritoryo**
- **25 maternal at newborn care project sa 18 bansa**
- **28 vision project sa 24 na bansa at teritoryo**
- **7 kampanyang wakasan ang mga sakit na tulad ng diabetes, polio, at tigdas**

**NOONG MORTAL NA MINISTERYO NI CRISTO,** siniguro Niyang paglingkuran lalo na ang mga may pisikal na kapansanan, sakit, at karamdaman. Ipinagpapatuloy namin ang dakilang misyong ito ngayon sa pamamagitan ng aming gawaing pangangalaga sa kalusugan at kapansanan sa buong mundo.

Ang aming mga inisyatibo ay nakatuon sa apat na kategorya: pangangalaga sa paningin, wheelchair at tulong sa pagkilos, pangangalaga sa ina at sa bagong silang na sanggol, at mga pagbabakuna. Nakikipagtulungan ang Simbahan sa mga lokal na ministry ng kalusugan at iba pang mga organisasyon para mas maunawaan ang mga pangangailangan at mag-isip ng mga solusyon. Nakikipagtulungan din kami sa mga pinagkakatiwalaang organisasyon, tulad ng CharityVision, Lions Club International Foundation, UNICEF USA, at iba pa.

Kapag pumipili ng mga proyekto, inuuna ng Simbahan ang mga inisyatibong humahantong sa pangmatagalang pagpapahusay. Sinusuri namin ang plano ng bawat proyekto para mapahusay ang kalidad at patuloy na suporta ng lokal na healthcare system, kabilang na ang mga plano para sa patuloy na training at pagmementena ng equipment. Dapat ding umayon ang mga proyekto sa mga national care plan, magpalakas sa umiiral na mga sistema, at magpahusay sa kahandaang tumugon sa mga outbreak at iba pang mga agarang pangangailangan.

Ang matatagumpay na inisyatibo ay dapat ding kabilangan ng mga pagsisikap na magkaroon ng kamalayan at edukasyon na nilayon upang maabot ang mga populasyon na hindi napaglilingkuran at di-gaanong napaglilingkuran. Sa bawat proyekto, nagpapatupad kami ng plano sa pagsubaybay at pagsusuri para matukoy ang mga kinakailangang pagbabago.

Ang lokal na mga miyembro ng Simbahan, gayundin ang mga full-time humanitarian at service missionary, ay nagbibigay ng mahalagang pagsuporta sa mga pagsisikap na ito. Iniinterbyu ng mga boluntaryong ito ang mga tumatanggap ng tulong bilang bahagi ng proseso ng pagsubaybay at pagsusuri. Ang mga miyembro ng Simbahan na may mga espesyal na kasanayan o kaalaman ay maaari ding magboluntaryo sa kanilang lugar bilang mga trainer.

Sa tulong ng mga boluntaryo, lokal na mga health ministry, at nagpapatupad na mga organisasyon, nakilahok ang Simbahan sa halos 200 inisyatibo sa pangangalaga sa kalusugan at kapansanan sa buong mundo noong 2021.

*"Si Jesucristo ang perpektong halimbawa ng . . . pagmamahal at paglilingkod. Sa Kanyang ministeryo, kinalinga Niya ang mga dukha, pinagaling ang mga maysakit at mga bulag."*

—ELDER RONALD A. RASBAND
Korum ng Labindalawang Apostol[22]

Sa Paraguay, nakipagtulungan ang Simbahan sa Fundación Solidaridad para mamigay ng mga wheelchair para sa halos 900 tao na may matitinding kapansanan (tulad ng cerebral palsy). Kasama rin sa proyekto ang training ng isang grupo ng mga doktor, physical therapist, social worker, at technician kung paano gamitin ang mga wheelchair at iba pang mga postural device.

Sa Mozambique, pinondohan ng Simbahan ang isang proyekto kasama ang Sightsavers upang makapagsagawa ng mahigit 35,000 vision screening. Ang proyekto ay pinondohan rin ng 1,500 surgery sa katarata at awareness campaign na humantong sa mas madaling pag-access para sa mga taong may kapansanan.

Sa Tajikistan, nagpadala ng mga kagamitan ang Simbahan para tugunan ang pangangalaga sa bagong silang na mga sanggol at sa mga ina. Nakipagtulungan din ang mga eksperto sa pangangalaga sa kalusugan sa Tajikistan Ministry of Health para makapagdaos ng mga buwanang miting para magsanay ng 1,000 doktor, nars, at midwife tungkol sa mga paksang tulad ng pre-eclampsia at neonatal resuscitation.

Sa Venezuela, nakipagtulungan ang Simbahan sa UNICEF USA para makakuha ng mga bakuna laban sa tigdas, beke, rubella, diphtheria, tetano, polio, at tuberkulosis para sa mahigit 400,000 kababaihan at bata. Pinondohan din ng Simbahan ang mga pagkumpuni at pagmementena para sa mga storage system ng mga bakuna sa tatlong warehouse.

Sa Malawi, naglaan ng pondo ang Simbahan para sa hearing care services sa pamamagitan ng DeafKidz International. Bukod pa sa mga awareness campaign sa komunidad, naihanda at tumulong ang proyekto sa pagsasanay ng mga lokal na clinic staff at mga health surveillance assistant. Dahil dito, 556 na bata at adult ang nasuri para sa kawalan ng pandinig noong 2021.




© Himalayan Cataract Foundation



© Himalayan Cataract Foundation







### GINAGAWANG MAS ACCESSIBLE ANG MUNDO

Si Ezra, na nakatira sa Pilipinas, ay may isang kundisyon kung saan kulang ang kanyang mga daliri sa mga kamay at paa at parehong nakapihit sa kaliwa ang mga paa niya. Habang lumalaki siya, napansin din niya na mas mahaba ang kanyang kanang binti kaysa sa kanyang kaliwa, kaya hindi balanse ang kanyang paglakad. Kalaunan, gumawa ng mahirap na desisyon si Ezra na ipaputol ang kanyang kaliwang paa at papalitan ito ng prosthetic leg.

Noong 2021, nakipagtulungan ang Simbahan sa maraming regional medical center, lokal na organisasyon, at grupo tulad ng mga Physicians for Peace. Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito, nakapamahagi ang Simbahan ng 982 wheelchair at 335 assistive device sa buong Pilipinas.

Sa pamamagitan ng isang proyektong itinataguyod ng Simbahan, natanggap ni Ezra ang kanyang prosthetic leg, kaya nakakalakad at nakakatayo na siya nang mas madali. Ang kanyang bagong prosthetic ay nagtutulot sa kanya na masiyahang mas makagalaw at magkaroon ng pag-asa sa sariling kakayahan sa kanyang buhay.

### GUMALING MULA SA LIMANG-TAONG PAGKABULAG

Inisip ni Halima, isang katutubong Tanzanian, kung mababawi pa niya ang kanyang kalayaan matapos siyang bulagin ng mga katarata sa loob ng limang taon.

"Gusto ko lang umasa ulit sa sarili kong kakayahan. Buong buhay akong umaasa sa sarili kong kakayahan, pero ngayo'y pakiramdam ko na wala na akong silbi,"[23] sabi ni Halima. Umasa siya sa buong maghapong pag-aalaga ng kanyang pamangkin, kaya kinailangan ng kanyang pamangkin na ipagpaliban ang pag-aaral.

Mabuti na lang, puwede pang ibalik ang paningin ni Halima. Sa pamamagitan ng isang proyektong itinataguyod ng Simbahan na ipinatupad ng CharityVision, naoperahan siya para ibalik ang kanyang paningin. Isa siya sa libu-libong tinulungan namin noong 2021 para muling makabangon sa sariling mga paa at mapaganda ang kalidad ng kanilang buhay.

Dahil nakakakita na siya, nadarama ni Halima na nadaig niya ang kanyang mga pasanin at naging malaya na siyang muli. Nagpapasalamat siya na nakakapag-aral na muli ngayon ang pamangkin niya.

# Pagtugon sa Emergency

*"Ang aming pinagsama-samang mga pagsisikap na magkawanggawa ay nagpalakas sa ating pandaigdigang emergency disaster response at nakatulong sa milyun-milyong tao sa buong mundo."*

MICHAEL KRUGER, PANGULO NG ADVENTIST DEVELOPMENT AND RELIEF AGENCY (ADRA)



***Itaas: Kasunod ng Bagyong Ida, ginugol ng mga boluntaryo sa komunidad, kabilang na ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang kanilang Labor Day holiday weekend sa paglilinis.***



# Pagtugon sa Emergency

- 199 na emergency response project sa 61 bansa at teritoryo
- 585 COVID-19 project sa 76 na bansa at teritoryo
- Isang bilyong dosis ng bakuna na naipamahagi

**BINIBIGYAN NG SIMBAHAN NG MATAAS NA PRAYORIDAD** ang pagtugon sa mga kalamidad at iba pang mga emergency sa buong mundo. Noong 2021, daan-daang emergency response project ang natapos ng Simbahan sa halos 100 bansa. Sa pamamagitan ng mga proyektong ito, nabigyan ng ginhawa ang mga apektadong indibiduwal sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain, tubig, mga suplay sa mga lugar ng kanlungan, healthcare, at iba pang mga pangangailangan.

Kabilang sa mga pagsisikap na ito ang 585 proyekto sa COVID-19, na nilayong ibsan ang paghihirap mula sa pandemya. Namigay ng mga medical supply at equipment ang Simbahan sa buong mundo, gayundin ng iba pang mahalagang tulong—kabilang na ang 320,000 food basket para pakainin ang isang milyong Brazilian na naapektuhan ng pandemya.

Sa unang bahagi ng 2021, namigay rin ng $20 milyon ang Simbahan sa UNICEF USA para suportahan ang Access to COVID-19 Tools Accelerator—ang pandaigdigang pagsisikap na matiyak ang pantay-pantay na access sa mga pagsusuri, panggagamot, at pagbabakuna laban sa COVID-19—na kinabibilangan ng inisyatibong COVAX. Sa kontribusyong ito, ang Simbahan ang naging pinakamalaking private sector donor sa inisyatibo noong panahong iyon. Sinabi ng kinatawan ng UNICEF sa India na si Dr. Yasmin Ali Haque na, "Wala pang nakakagawa nito sa kasaysayan ng mundo kung saan nagsama-sama ang mga magkakatuwang. . . sa paghahatid ng bakuna na magliligtas sa mga bansa sa buong mundo."[24] Nakatuon ang mga proyekto sa pagbibigay ng pantay-pantay na access sa bakuna laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagkuha at pagpapabilis ng produksyon ng bakuna, mga pagsasanay ng mga healthcare worker, at paglilinaw sa maling impormasyon.

Nagtaguyod din ng Simbahan ng pitong proyekto kasunod ng pagputok ng bulkan sa Democratic Republic of Congo. Ang mga proyektong ito ay nagtuon sa pagdadala ng pagkain at tubig, pagkumpuni sa isang dam at mga pinagmumulan ng malinis na tubig, at pakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyong pangkawanggawa. Ang isang proyektong natapos sa pakikipagtulungan sa Women of Faith DRC ay nagresulta sa mahigit 800 oras ng pagboluntaryo na nakaapekto sa 31,000 indibiduwal.

Sa Estados Unidos, tumulong ang Simbahan sa apat na proyekto para tumugon sa mga pangangailangan ng mga biktima ng Bagyong Ida, na isa sa pinakamalalakas na bagyong tumama sa bansa. Sa pamamagitan ng mga donasyon sa American Red Cross, tumulong ang Simbahan sa paglalaan ng tirahan, mga pagkain, at psychological first aid. Pinakilos din ng Simbahan ang mga boluntaryo mula sa mga stake sa timog-silangang Estados Unidos, kung saan tumulong ang mga crew sa 6,521 pamilya sa paglilinis ng mga ari-arian gamit ang mga suplay mula sa mga lokal na bishops' storehouse.

> *"Ang pagtugon ninyo sa oras noong unang bahagi ng 2021 ay nakatulong para bumilis ang paghahatid namin ng mga bakuna laban sa COVID-19 at pagdadala ng mga unang bakuna sa ilang bansa."*
>
> —CARLA HADDAD MARDINI
> Direktor ng Private Fundraising and Partnership Division ng UNICEF

Noong Agosto 2021, isang 7.2-magnitude na lindol ang yumanig sa Haiti, na nagsanhi ng malaking pinsala sa imprastraktura at libu-libo ang nawalan ng tirahan. Tumugon ang Simbahan sa pamamagitan ng pagtulong sa pamamagitan ng mapagkakatiwalaang mga organisasyon para tugunan ang iba't ibang pangangailangan sa bansa, kabilang na ang lugar-kanlungan, pagkain, tubig, sanitasyon, kalinisan, at pangangalagang medikal. Bukod pa riyan, binigyan ng Simbahan ng equipment ang mga lokal na ospital na kailangan para mapangalagaan ang mga nasaktan sa kalamidad.

Ang isang dahilan kaya nakakapagbigay ng oras at kabuhayan ang Simbahan at mga miyembro nito kapag may mga emergency ay dahil nakapaghanda sila nang maaga at nasubaybayan ang mga sitwasyon sa mundo. Hangad ng Simbahan na magtatag ng mga ugnayan sa mga pamahalaan at iba pang mga organisasyong pangkawanggawa na tumutugon sa mga krisis habang pinatatatag din ang kahandaan sa loob ng Simbahan at mga komunidad. Tinutulutan nito ang Simbahan na tumulong kaagad at nang mas epektibo kapag nagaganap ang mga di-inaasahang pangyayari.

Naghahanda rin ang mga miyembro para sa mga kalamidad sa pagsunod sa mga alituntunin ng pag-asa sa sariling kakayahan at kahandaan sa emergency, kabilang na ang pag-iimpok ng pera at pagbili ng maiimbak na pagkain. Noong 2021, 13.9 milyong libra ng mga produktong maiimbak sa tahanan ang ibinenta sa mga indibiduwal at pamilya para suportahan ang kahandaan ng pamilya.

**ANG MGA MIYEMBRO NG SIMBAHAN** ay sabik na tulungan ang mga nangangailangan at malaki ang bahagi sa mga pagsisikap na ibsan ang pagdurusa, kapwa sa kanilang lugar at sa buong mundo. Kabilang na rito ang mga missionary—na hinihikayat na makilahok sa linggu-hang paglilingkod. Bukod pa riyan, araw-araw ay nagsasakripisyo ng oras ang mga miyembro mula sa kanilang abalang buhay para tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad at ng buong mundo.




© Scott Dalton/American Red Cross

### MAHAHALAGANG EMERGENCY RESPONSE PROJECT PARA SA 2021


- Ethiopia: Nagbigay ng pagkain, healthcare, mga hygiene supply, at suporta sa tubig ang Simbahan sa rehiyon ng Tigray.
- Estados Unidos: Tumulong ang mga miyembrong boluntaryo sa paglilinis ng napinsala ng apoy at smoke debris sa Washington at Oregon.
- Pilipinas: Pagkaraan ng Bagyong Odette, nagtulung-tulong ang mga miyembro ng Simbahan para mabuksan ang mahigit 50 meetinghouse ng Simbahan sa mga pulo sa gitna at katimugang Pilipinas. Naging mga kanlungan ang mga meetinghouse na ito para sa halos 5,000 katao.
- Tonga: Tumulong ang mga miyembro at missionary ng Simbahan sa paglilinis at muling pagtatayo matapos pumutok ang isang bulkan at magbuga ng makapal na abong tinakpan ang halos buong bansa.
- Estados Unidos: Nagbigay ng mga emergency supply at lugar-kanlungan ang Simbahan bilang tugon sa mapangwasak na mga baha sa Hawaii.
- Europe: Naglingkod ang mga miyembro at missionary ng Simbahan nang libu-libong oras para tumulong sa mga biktima ng baha. Isinaayos nila ang mga donasyong produkto at naglinis ng mga silong, bahay, at isang paaralan para sa mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan. Nagbigay ng tubig, pagkain, at tulong medikal ang Simbahan bilang tugon sa pagbaha at pagkawala ng tirahan.
- Sudan: Nagbigay ng mga pangunahing pangangailangan ang Simbahan tulad ng malinis na tubig, pagkain, at mga medical supply, gayundin ng ginhawa mula baha at pagtulong sa mga refugee.
- Estados Unidos: Nangalap ang JustServe ng daan-daang boluntaryo na tumulong sa matitinding kalagayang dulot ng pagkawala ng kuryente at nagyeyelong mga tubo sa Texas.









Ang mga proyektong itinataguyod ng Simbahan ay idinisenyo upang magbigay ng serbisyo sa komunidad at ng ginhawa sa mga nasalanta ng kalamidad, na nagtutulot sa mga miyembro at sa iba pa na maging bahagi ng mga organisadong emergency response team. Bukod pa riyan, ang JustServe ay nagbibigay ng impormasyon kung paano maaaring makibahagi ang mga indibiduwal sa kanilang mga lokal na komunidad.

Sa labas ng mga organisadong pagtugon na ito, tumutulong ang mga indibiduwal, pamilya, at kongregasyon sa maraming iba pang paraan. Kabilang dito ang pagtitipon ng mga humanitarian kit at food package, pagboboluntaryo sa mga organisasyong nakikipagtulungan sa mga taong nawalan ng tahanan o tumakas mula sa sarili nilang bansa, at iba pa.

Ang mga miyembro at kaibigan ng Simbahan ay nag-aambag din sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon sa humanitarian aid ng Simbahan. Isang batang lalaki, halimbawa, ang nagpasimula ng isang lemonade stand at ibinigay ang kinita sa humanitarian program ng Simbahan. Bagama't iba-iba ang laki ng mga donasyon, itinuturing na sagrado ang lahat ng kontribusyon.



# Mga Blood Drive

- **Mahigit 3,000 blood drive ang naisagawa**
- **Mahigit 100,000 unit ng dugo ang naibigay na donasyon**
- **Mahigit 105,000 indibiduwal na donor**

**ANG PAGKOLEKTA NG DUGO** para sa mga nangangailangan ay isang pandaigdigang pagsisikap ng Simbahan. Halimbawa, sa Peru, nakipagtulungan ang isang kongregasyon sa isang lokal na ospital para magdaos ng blood drive sa meetinghouse ng Simbahan. Bukod pa riyan, mahigit 1,700 boluntaryo sa Argentina ang nagbigay ng dugo sa pamamagitan ng mga blood drive na itinaguyod ng Simbahan noong 2021.

Sinabi ni Brian, isang miyembro ng Palmira Branch ng Simbahan sa Mendoza, Argentina, tungkol sa kanyang karanasan: "Ang makapagbigay ng dugo para sa ibang tao, para sa mga nangangailangan nito, ay pinupuspos ako ng pasasalamat at tinulungan akong mas malaman pa ang tungkol sa ginawa ng Tagapagligtas para sa akin."[25]

Sa Estados Unidos, ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang American Red Cross ay may matagal nang pinagsamahan, mula noon pang huling bahagi ng ika-19 na siglo. Hindi lamang regular na nagbibigay ng dugo ang mga miyembro ng Simbahan kundi tumutulong din sa pag-iskedyul at pagtataguyod ng mga blood drive, pag-recruit sa mga indibiduwal na magrehistro, at pagtulong sa mga pangangailangang logistical sa araw ng blood drive.

> *"Nakakakuha tayo ng 100,000 unit ng dugo mula sa Simbahan taun-taon. Walang organisasyon, walang institusyon kahit saan ang nakakagawa niyon. . . . Namamangha ako sa katapatan ng inyong komunidad sa pananampalataya at paglilingkod."*
>
> —GAIL MCGOVERN, CEO ng American Red Cross[26]

### MGA BUHAY NA NAILIGTAS NG MGA DONASYONG DUGO

Noong apat na buwan pa lang si Megan, kinailangan niya ng open-heart surgery para ayusin ang lagay ng puso niya. Dahil kabilang si Megan sa 6.6% ng populasyon ng mundo na may bihirang O-negative na uri ng dugo, nag-isyu ng alerto ang ospital sa buong lunsod para sa mga donor ng O-negative na dugo.

Ipinag-ayuno at ipinagdasal ng pamilya ni Megan at ng kanilang kongregasyon sa simbahan na makakita ng mga boluntaryong magbibigay ng dugo. Kinabukasan mismo, nasagot ang kanilang mga dalangin. "Sa loob ng isang araw, 73 tao ang lumapit. Literal na naglakbay pa ang ilang tao mula sa Newcastle, na tatlong oras ang biyahe, para lang makapagbigay ng dugo," sabi ng ina ni Megan.[27]

Si Megan ay isa sa milyun-milyong tao na ang buhay ay nailigtas ng mga donasyong dugo taun-taon. Dahil sa kabaitan ng mga kaibigan at estranghero, nagkaroon ng pagkakataon si Megan na lumaki at mabuhay nang malusog at masaya.



© 2018 Renée Jacobsen

# Produksyon at Pamamahagi ng Pagkain

- **80 milyong libra ng donasyong pagkain**
- **Mahigit 100 milyong libra ng pagkain ang nagawa**
- **Para sa bawat 10 libra ng nagawang pagkain, 3 tao ang napapakain sa isang araw**

---

**ANG SIMBAHAN AY NAGPAPATAKBO NG 32 SAKAHAN,** rantso, taniman, at pasilidad sa pagpoproseso, na nakagawa ng mahigit 100 milyong libra ng pagkain noong 2021. Bawat sampung librang nagagawa ay maaaring magpakain ng tatlong tao sa isang araw. 36 na milyong libra ng pagkaing ito ang ipinamahagi sa mga miyembro ng Simbahan at sa mga iba pang nangangailangan sa pamamagitan ng mga bishops' storehouse, habang 44 na milyong libra naman ang ipinamigay sa pamamagitan ng mga inisyatibo ng komunidad. Ang mga karagdagang commodity ay itinatago sa storage bawat taon bilang paghahanda sa mga emergency sa hinaharap.

May 124 na bishops' storehouse na kasalukuyang pinatatakbo. Ang mga indibiduwal na nangangailangan ay maaaring makipagtulungan sa kanilang mga lokal na lider para makatanggap ng pagkain at iba pang mga item nang libre sa mga pasilidad na ito. Sa mga lugar kung saan walang bishops' storehouse sa malapit, gumagawa ng mga pakikipag-ayos para mapapunta ng mga lider ang mga indibiduwal sa mga lokal na grocery.

Halos lahat ng storehouse at home storage center ay pinamamahalaan ng mga service missionary. Ang mga boluntaryong ito ay nag-oorder ng mga produkto, pinupuno ang mga istante, pinupunan ang mga order, nililinis ang mga pasilidad, at tinutulungan ang mga patron sa magiliw at mapagmahal na paraan. Ang mga pasilidad ay tumatanggap din ng donasyong oras na magtrabaho mula sa mga lokal na kongregasyon.

Habang nagkakaroon ng mga emergency sa buong mundo, nakikipagtuwang ang Simbahan sa mga lokal na organisasyon sa pagtulong para hingan at mamahagi ng mga emergency commodity sa pinakamahusay at epektibong mga paraang maaari. Ang lokal na pagbili ng mga produkto ay

- nagpapabilis sa oras ng paghahatid,
- nakakabawas ng gastos sa transportasyon, para mas marami pang perang magastos sa mga produkto,
- nagbibigay ng pagkain na mas pamilyar sa mga nangangailangan,
- sumusuporta sa lokal na ekonomiya, at
- kinabibilangan ng mga miyembro ng mga lokal na komunidad sa pamamahagi ng mga suplay.

Noong Disyembre 21, 2021, ipinagdiwang ng Deseret Mill at Pasta Plant ang ika-isang milyong case ng pagkaing nagawa sa taong iyon—dami na halos doble ng nagawa ng planta noong 2019. Ang isang milyong case ay katumbas ng 527,661,424 serving ng pagkain. Ang trigo at iba pang pagkaing ipinroseso sa pasilidad ay nagmumula sa mga bukirin at vendor ng Simbahan sa Estados Unidos. Ang pasilidad ay nagbabalot ng harina, oats, bigas, beans, cake at pancake mixes, macaroni, ribbon pasta, at spaghetti.

---

*"Sapagkat ako'y nagutom at binigyan ninyo ako ng pagkain. Ako'y nauhaw, at binigyan ninyo ako ng inumin. Ako'y taga-ibang bayan, at ako'y inyong pinatuloy."*

—MATEO 25:35

---

Halos 60 boluntaryo sa isang araw ang nagsa-sign up para tumulong sa abalang tig-aapat-na-oras na mga shift. Ang pagkain mula sa gilingan ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng mga bishops' storehouse at inihatid nang trak-trak sa mga food pantry at iba pang ahensyang pangkawanggawa.

Noong Pebrero ng 2021, bilang tugon sa mga Bagyong Eta at Iota, nagpadala ng mahigit 170,000 libra ng pagkain ang Simbahan sa mga residenteng naapektuhan sa Honduras—kabilang na ang mga item na ginawa sa Deseret Mill at Pasta Plant.



### ISANG ESPESYAL NA GRUPO NG MGA BOLUNTARYO

Ang mga production facility ay hindi lamang nagbibigay ng mga commodity para pagpalain ang mga nangangailangan—nagbibigay rin ito ng mga pagkakataong maglingkod sa tabi ng isa't isa. Nakikisali ang mga missionary sa mga boluntaryo ng Simbahan at komunidad para magsagawa ng iba't ibang gawaing kailangan para magproseso at magbalot ng pagkain para sa nagugutom. Bawat isa sa mga grupong ito ay naglilingkod at nagmamahal nang hindi para lamang magpapansin.

Kadalasan, ang mga nagboboluntaryo ay kabilang sa maraming indibiduwal na nakikinabang sa mga naiprosesong produkto. Sa central Salt Lake City, halimbawa, maaaring anyayahan ng mga bishop ang mga tumatanggap ng tulong na magboluntaryo nang ilang oras sa Welfare Square Cannery. Gayundin, maaaring anyayahan ng mga lokal na hukom ang mga lumabag sa batas na maliliit lang ang kasalanan na tuparin ang oras ng kanilang community service sa pasilidad ding iyon. Sa paggawa sa mga production facility, kapwa pinagpapala ang mga nagbibigay at ang mga tumatanggap habang naglilingkod sila sa isa't isa at nakakakuha ng kinakailangang panustos.

### MGA PAMILYANG NAPANATILING MAGINHAWA AT NAPAKAIN

Bukod pa sa mga bishops' storehouse at lokal na pakikipag-ayos sa mga grocery store, namimigay rin ang Simbahan ng mga commodity at nagbibigay ng suporta sa mga lokal na food bank. Sa pamamagitan ng mga donasyong ito, napakain at napanatili ni Brittany ang kaginhawahan ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng kanyang lokal na Mobile Pantry.

"Ang mga bagay na nagbibigay ng mas komportableng buhay ay mga bagay na nagawa namin dahil sa tulong na natatanggap namin mula sa Mobile Pantry. Ngayo'y magagawa na namin ang mga bagay-bagay tulad ng hayaang kumain ang mga bata hangga't gusto nila. Miserable ang hindi magkaroon ng sapat na pagkain, at nag-aalala ang mga bata tungkol dito."

Ang karagdagang suportang ito ay nakatulong din sa pamilya ni Brittany na makaipon ng pera para sa iba pang mahahalagang pangangailangan. Nang bumaba sa 42 degrees ang temperatura sa bahay nila, alam niya na puwede niyang buksan ang heater.

"Talagang masaya na buksan iyon!" sabi ni Brittany.



# Salamat

*Taos-puso kaming nagpapasalamat sa lahat ng bukas-palad na nagbigay o nagboluntaryo ng kanilang oras at mga pagsisikap sa mga kawanggawang ito. May mga nakakapansin sa inyong paglilingkod. Maraming nagbigay ng kanilang tulong sa pamamagitan ng Church Philanthrophies, at mas marami pang nagbigay online o sa pamamagitan ng kanilang bishop. Dahil sa iniambag ninyong oras, resources, lakas, at habag, nakakagawa tayo ng kaibhan sa buhay ng libu-libong tao sa buong mundo at natututo mula sa mga taong natulungan. Salamat!*

*Inaanyayahan namin ang lahat na makibahagi at humanap ng mga bagong paraan para makapaglingkod. Ang inyong kabaitan at mga pagsisikap ay makakagawa—at gumagawa—ng kaibhan.*

---

# Ano ang magagawa ninyo para makatulong?

*Para makibahagi at malaman ang iba pa tungkol sa aming mga pagsisikap na tulungan ang mga nangangailangan, bisitahin kami online o sa aming mga social page.*

ChurchofJesusChrist.org | JustServe.org | DeseretIndustries.org | LatterdaySaintCharities.org | AddictionRecovery.ChurchofJesusChrist.org

# Mga Reperensya


[1] Russell M. Nelson, "Ang Ikalawang Dakilang Kautusan," *Ensign o Liahona, Nob. 2019, 97.*

[2] Henry B. Eyring, "Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?," *Ensign o Liahona, Mayo 2015, 22.*

[3] Gérald Caussé, "Love Thy Neighbor: Church Joins Global COVID-19 Humanitarian Relief Effort," newsroom.ChurchofJesusChrist.org.

[4] Jean B. Bingham, "Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas," *Ensign o Liahona, Mayo 2018, 104.*

[5] Jeffrey R. Holland, "Makapiling at Palakasin Sila," *Ensign o Liahona, Mayo 2018, 105.*

[6] Henry B. Eyring, "Inspiradong Pagmiministeryo," *Ensign o Liahona, Mayo 2018, 64.*

[7] Lorrie Curriden, sa "The Church's Welcome Centers Help Immigrants Live Better Lives," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/the-church-s-welcome-centers-help-immigrants-live-better-lives.

[8] Adriana Robledo, sa "Latter-day Saints Around the World: Country Newsroom Websites, May 3, 2021," news-ca.churchofjesuschrist.org/article/caring-for-the-elderly.

[9] Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" [pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018], suplemento sa *New Era at Liahona, 3, Church*ofJesusChrist.org.

[10] Russell M. Nelson, "Ang Ikalawang Dakilang Kautusan," *Ensign o Liahona, Nob. 2019, 97.*

[11] M. Russell Ballard, "Becoming Self-Reliant Spiritually and Physically," *Ensign, Mar. 2009, 50.*

[12] Sharon Eubank, "Dalangin Ko na Gamitin Niya Tayo," *Liahona, Nob. 2021, 55.*

[13] Russell M. Nelson, "Pangangaral ng Ebanghelyo ng Kapayapaan," *Liahona, Mayo 2022, 6.*

[14] Reyna I. Aburto, mensaheng ibinigay sa International Women-in-Diplomacy Day luncheon, Mar. 11, 2020.

[15] Sariah McQueen, sa "Schoolbooks and Furniture to Damaged Schools in Fiji," news-nz.churchofjesuschrist.org/article/schoolbooks-and-furniture-to-damaged-schools-in-fiji.

[16] Gary E. Stevenson, "Napakaganda—Napakasimple," *Liahona, Nob. 2021, 50.*

[17] Elder Morán, "Alrededor de 1000 misioneros y miembros de la Iglesia de Jesucristo colaboraron como voluntaries en jornada de vacunación en Puebla," noticias.laiglesiadejesucristo.org/articulo/misioneros-y-miembros-colaboraron-como-voluntarios.

[18] Dallin H. Oaks, "Ang Pangangailangan para sa Isang Simbahan," *Liahona, Nob. 2021, 25.*

[19] Sean Callahan, sa "In Utah, Catholics, Mormons Have 'Positive, Cordial Relationship,'" https://www.catholicsun.org/2019/03/24/in-utah-catholics-mormons-have-positive-cordial-relationship/

[20] W. Christopher Waddell, "Tulad ng Ginawa Niya," *Ensign o Liahona, Mayo 2019, 20.*

[21] Dallin H. Oaks, "Push Back Against the World," Peb. 24, 2017, https://speeches.byuh.edu/commencement/push-back-against-the-world.

[22] Ronald A. Rasband, "Upang Pagalingin ang Mundo," *Liahona, Mayo 2022, 92.*

[23] Halima, sa "Restoring Eyes and Lives through the Church's Global Vision Care Initiative," thechurchnews.com/global/2021-06-17/latter-day-saint-charities-eyes-vision-cataracts-africa-215459.

[24] Yasmin Ali Haque, sa "2 Billion COVID-19 Vaccinations Roll Out to At-Risk Populations," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/2-billion-covid-19-vaccinations-roll-out-at-risk-populations.

[25] Brian Ezequiel Oliva Fuentes, sa "Cerca de 3500 voluntarios Santos de los Últimos Días donaron sangre durante la Pandemia Covid-19 en Argentina," noticias.laiglesiadejesucristo.org/articulo/cerca-de-3500-voluntarios-santos-de-los-ultimos-dias-donaron-sangre-durante-la-pandemia-covid-19-en-argentina.

[26] Gail McGovern, sa "The Church of Jesus Christ Does This More Than Any Other Organization," deseret.com/2021/9/30/22690263/churchbeat-newsletter-mormon-lds-church-of-jesus-christ-red-cross-blood-donations.

[27] Rebecca Waring, sa "Blood Donations Save Tiny Lives," news-uk.churchofjesuschrist.org/article/blood-donations-save-tiny-lives.

[28] L. Todd Budge, "Pagbibigay ng Kabanalan sa Panginoon," *Liahona, Nob. 2021, 100.*


---

*"Kasinghalaga ng mga kontribusyong ito ang napakaraming oras at lakas na ibinibigay ng mga miyembro ng Simbahan sa mga gawaing pangkawanggawa."*

BISHOP L. TODD BUDGE, PANGALAWANG TAGAPAYO SA PRESIDING BISHOPRIC[28]

*“Sila na nahahandang tawaging mga tao ng Panginoon ay ‘nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw.’”*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 6/21. Pagsasalin ng *Latter-day Saint Charities 2021 Annual Report.* Tagalog. PD60013504 893. Inilimbag sa Pilipinas